SANTA CLARA COUNTY
Behavioral Health Services

2018

Handbook ng Benepisyaryo ng Drug Medi-Cal

Mga Serbisyo sa Paggamot para sa Paggamit ng

HANDBOOK NG BENEPISYARYO NG DRUG MEDI-CAL

PLANO NG PINANGANGASIWAANG PANGANGALAGA

Mga Serbisyo sa Paggamot para sa Paggamit ng Substansya

Santa Clara County
Departamento ng mga Serbisyo sa Kalusugang Nauugnay sa Pag-uugali
Mga Serbisyo sa Paggamot para sa Paggamit ng Substansya
Sangay ng Pagpapahusay ng Kalidad

Makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Paggamot para sa Paggamit ng Substansya (SUTS)
Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga (MCP)
408-792-5666

English

ATTENTION: If you speak another language, language assistance services, free of charge, are available to you. Call: *1-408-792-5666;*
TTY: *1-800-855-7100*

ATTENTION: Auxiliary aids and services, including but not limited to large print documents and alternative formats, are available to you free of charge upon request. Call: *1-408-792-5666;* TTY: *1-800-855-7100*.

Español (Spanish)

ATENCIÓN: Si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al *1-408-792-5666;* TTY: *1-800-855-7100*.

Tiếng Việt (Vietnamese)

CHÚ Ý: Nếu bạn nói Tiếng Việt, có các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho bạn. Gọi số *1-408-792-5666;* TTY: *1-800-855-7100*.

Tagalog **(Tagalog/Filipino)**

PAUNAWA: Kung nagsasalita ka ng Tagalog, maaari kang gumamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa *1-408-792-5666;* (TTY: *1-800-855-7100*).

한국어 (Korean)

주의: 한국어를 사용하시는 경우, 언어 지원 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. *1-408-792-5666;* TTY: *1-800-855-7100.*번으로 전화해 주십시오.

繁體中文(Chinese)

注意：如果您使用繁體中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電 *1-408-792-5666;* TTY: *1-800-855-7100*。

Հայերեն (Armenian)

ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ՝ Եթե խոսում եք հայերեն, ապա ձեզ անվճար կարող են տրամադրվել լեզվական աջակցության ծառայություններ: Զանգահարեք *1-408-792-5666;* TTY: *1-800-855-7100*:

Русский (Russian)

ВНИМАНИЕ: Если вы говорите на русском языке, то вам доступны бесплатные услуги перевода. Звоните *1-408-792-5666;* телетайп: *1-800-855-7100*.

فارسی **(Farsi)**

توجه: اگر به زبان فارسی گفتگو می کنید، تسهیلات زبانی بصورت رایگان برای شما فراهم می باشد. با *1-408-792-5666;* TTY: *1-800-855-7100* تماس بگیرید

日本語 (Japanese)

注意事項：日本語を話される場合、無料の言語支援をご利用いただけます。*1-408-792-5666;* TTY: *1-800-855-7100* まで、お電話にてご連絡ください。

Hmoob (Hmong)

LUS CEEV: Yog tias koj hais lus Hmoob, cov kev pab txog lus, muaj kev pab dawb rau koj. Hu rau *1-408-792-5666;* TTY: *1-800-855-7100.*

ਪੰਜਾਬੀ (Punjabi)
ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਸੀਂ ਪੰਜਾਬੀ ਬੋਲਦੇ ਹੋ, ਤਾਂ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਸਹਾਇਤਾ ਸੇਵਾ ਤੁਹਾਡੇ ਲਈ ਮੁਫਤ ਉਪਲਬਧ ਹੈ। *1-408-792-5666;* TTY: *1-800-855-7100* 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ।

(Arabic) قيبرعل ا

تظوحل م: إذا كنت تتحدث اذكر اللغة، فإن خدمات المساعدة اللغوية تتوافر لك بالمجان. اتصل *1-800-855-7100* (رقم هاتف الصم والبكم *1-408-792-5666* برقم

हिंदी (Hindi)
ध्यान दें: यदि आप हिंदी बोलते हैं तो आपके लिए मुफ्त में भाषा सहायता सेवाएं उपलब्ध हैं। *1-408-792-5666;* TTY: *1-800-855-7100* पर कॉल करें।

ภาษาไทย (Thai)
เรียน:
ถ้าคุณพูดภาษาไทยคุณสามารถใช้บริการช่วยเหลือทางภาษาได้ฟรี โทร *1-408-792-5666;* TTY: *1-800-855-7100*.

ខ្មែរ (Cambodian)
ប្រយ័ត្ន៖ រ សើ ិនជាអ្នកនិយាយ ភាសាខ្មែ ,
រសវាជំនួយមននកភាសា ោយមិនគិត្ួ ្លន
គឺអាចមានសំវា ់ ំរ អ្ើ នក។ ជ ទ្ លំ្ 1-408-792-5666;
TTY: *1-800-855-7100*។

ພາສາລາວ (Lao)
ໂປດຊາບ: ຖ້າວ່າ ທ່ານເວົ້າພາສາ ລາວ,
ການບໍລິການຊ່ວຍເຫຼືອດ້ານພາສາ,

ໂດຍບໍ່ເສັງຄ່າ, ແມ່ນມີພ້ອມໃຫ້ທ່ານ. ໂທຣ *1-408-792-5666;* TTY: *1-800-855-7100*.

Talaan ng mga Nilalaman

Talaan ng mga Nilalaman 7

Misyon 11

Bisyon 11

Bakit Mahalagang Basahin ang Handbook na Ito? 12

PANGKALAHATANG IMPORMASYON 13

Mga Serbisyong Pang-emergency 14

Kanino Ako Makikipag-ugnayan Kung Naiisip Kong Magpakamatay? 15

PAANO KO MALALAMAN KUNG KAILANGAN KO NG TULONG? 15

Paano Ko Malalaman Kapag Nangangailangan ng Tulong ang Isang Bata o Teenager? 16

Paano Kumuha ng mga Serbisyo ng Espesyalista sa Kalusugang Nauugnay sa Pag-iisip 17

PANGANGAILANGAN DALA NG MEDIKAL NA DAHILAN 17

Ano ang Pangangailangan Dala ng Medikal na Dahilan at Bakit Ito Napakahalaga? 17

Ano Ang mga Pamantayan ng Pangangailangan Dala ng Medikal na Dahilan para sa Coverage ng mga Serbisyo sa Paggamot para sa Paggamit ng Substansya? 18
Access sa Paggamot para sa mga Walang Insurance 19

Mga Responsibilidad ng Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga (MCP) 19

Makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng SUTS MCP 21
Impormasyon para sa mga Miyembro Na Nangangailangan ng mga Babasahin sa Ibang Wika 21
Impormasyon para sa mga Miyembro na Nahihirapang Magbasa 21

Impormasyon para sa mga Miyembro na Nahihirapang Makarinig 21

Impormasyon para sa mga Miyembro na Nahihirapang Makakita 21

PAUNAWA TUNGKOL SA MGA PATAKARAN SA PAGKAPRIBADO 22

Kanino Ako Makikipag-ugnayan Kung Pakiramdam Ko'y Nadiskrimina Ako? 23

MGA PAUNANG TAGUBILIN 24

PAANO MAG-APPLY PARA SA MEDI-CAL 26

Awtomatikong Mandatoryong Pagpapatala 26

Saan Mag-a-apply? 27

MGA SERBISYO 29

Ano Ang mga Serbisyo sa Paggamot sa DMC (Drug Medi-Cal)? 29
Mga Serbisyong Pang-outpatient 30
Mga Masidhing Serbisyong Pang-outpatient 31
Bahagyang Pagkakaospital 32
Paggamot sa Residensiya (Napapasailalim sa awtorisasyon ng county) 33
Pangangasiwa ng Withdrawal 35
Paggamot ng Opioid 36
Paggamot na Tinutulungan ng Medikasyon 37
Mga Serbisyo para sa Pagpapagaling 38
Nakatuon na Pangangasiwa ng Kaso 39
Maagang Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot (EPSDT) 40

Paglipat ng Pangangalaga 41

PAANO KUMUHA NG MGA SERBISYO SA PAGGAMOT SA DMC 42

Pangangalaga Makalipas ang mga Oras ng Trabaho 43

PAGPILI NG PROVIDER 43

Paano Ako Maghahanap ng Provider ng mga Serbisyo sa Paggamot Para sa Paggamit ng Substansya? 43

Sa Sandaling Makahanap Ako ng Provider, Maaari Bang Sabihin ng MCP Sa Provider Kung Anong mga Serbisyo ang Makukuha Ko? 44

Aling Mga Provider ang Ginagamit ng Aking Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga? 46

PAUNAWA TUNGKOL SA HINDI PABOR NA PAGPAPASYA SA BENEPISYO 47

Ano Ang Paunawa Tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo? 47

Kailan Ako Makakatanggap ng Paunawa Tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo? 47
Palagi Ba Akong Makakatanggap ng Paunawa Tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo Kapag Hindi Ko Makukuha ang mga Serbisyong Gusto Ko? 48
Ano ang Sasabihin sa Akin ng Paunawa Tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo? 49
Sasabihin sa inyo ng Paunawa Tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo: 49
Ano ang Dapat Kong Gawin Kapag Makatanggap Ako ng Paunawa Tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo? 50

MGA PROSESO NG PAGLUTAS NG PROBLEMA 50

Paano Kung Hindi Ko Makuha ang Mga Serbisyo na Gusto Ko Mula sa Aking Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga sa County? 50

Maaari Ba Akong Makakuha ng Tulong Para Maghain ng Apela, Hinaing O State Fair Hearing? 51

Paano Kung Kailangan Ko ng Tulong sa Paglutas ng Isang Problema Sa Aking Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga sa County Ngunit Hindi Ko Gustong Maghain ng Hinaing O Apela? 52

ANG PROSESO NG HINAING 52

Ano Ang Hinaing? 53
- Kailan Ako Maaaring Maghain ng Hinaing? 54
- Paano Ako Maghahain ng Hinaing? 54
- Paano Ko Malalaman Kung Natanggap ng MCP ang Aking Hinaing? 54
- Kailan Dedesisyunan ang Aking Hinaing? 54
- Paano Ko Malalaman Kung Nakagawa na ang MCP ng Desisyon Tungkol sa Aking Hinaing? 55
- Mayroon Bang Palugit ang Paghahain ng Hinaing? 55

ANG PROSESO NG APELA (KARANIWAN AT PINABILIS) 55

Ano Ang Karaniwang Apela? 56
- Kailan Ako Maaaring Maghain ng Apela? 58
- Paano Ako Maghahain ng Apela? 59
- Paano Ko Malalaman Kung Nadesisyunan Na ang Aking Apela? 60
- Mayroon Bang Palugit ang Paghahain ng Apela? 60
- Kailan Gagawin ang Desisyon Tungkol sa Aking Apela? 60
- Paano Kung Hindi Ako Makapaghintay nang 30 Araw Para sa Desisyon sa Aking Apela? ... 61

Ano Ang Pinabilis Na Apela? 61

Kailan Ako Maaaring Maghain ng Pinabilis na Apela? 61

ANG PROSESO NG STATE FAIR HEARING 62

Ano Ang State Fair Hearing? 62
- Ano ang Aking mga Karapatan sa State Fair Hearing? 63
- Kailan Ako Maaaring Maghain ng State Fair Hearing? 63
- Paano Ako Hihingi ng State Fair Hearing? 64
- Mayroon Bang Palugit Para sa Paghahain ng State Fair Hearing? 65
- Paano Kung Hindi Ako Makapaghintay ng 90 Araw Para sa Desisyon sa Aking State Fair Hearing? 66

MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA PROGRAMANG DRUG MEDI-CAL NG ESTADO NG CALIFORNIA 66

Sino ang Makakakuha ng Medi-Cal? ... 66
Kailangan Ko Bang Magbayad Para sa Medi-Cal? ... 67
Saklaw Ba ng Medi-Cal ang Transportasyon? ... 68

Ano Ang Aking Mga Karapatan Bilang Tumatanggap Ng Mga Serbisyo ng Drug Medi-Cal? ... 69

Ano ang Aking Mga Responsibilidad Bilang Tumatanggap ng Mga Serbisyo ng Drug Medi-Cal? ... 71

APPENDIX A: DIREKTORYO NG PROVIDER ... 74

Listahan ng Provider para sa Nasa Hustong Gulang ... 74

Listahan ng Provider para sa Nagbibinata at Nagdadalaga ... 76

APPENDIX B: GLOSARYO NG MGA ACRONYM ... 78

Misyon

Nakalaan ang misyon ng Mga Serbisyo sa Paggamot para sa Paggamit ng Substansya (SUTS) ng Departamento ng mga Serbisyo sa Kalusugang Nauugnay sa Pag-uugali (BHSD) sa pagpapabuti sa kalusugan at kapakanan ng mga indibidwal sa ating komunidad na apektado ng mga karamdamang paggamit ng substansya at sa pagtulong sa pagkamit nila sa kanilang mga inaasam, pangarap at layunin sa kalidad ng buhay. Upang maisakatuparan ito, nagsisikap ang SUTS na maghatid ng mga serbisyo sa paraan na hindi nakakasira, madaling makuha at nakatuon sa pangangalaga sa kabuuan ng isang tao. Iniaalok ang mga serbisyo sa loob ng sistema ng pangangalaga na napaliwanagan tungkol sa trauma, mahusay sa larangan ng kultura at wika at maayos. Isinasaalang-alang din ng mga serbisyo ang kinikilalang kasarian at sekswal na oryentasyon ng isang tao.

Bisyon

Dinisenyo ang SUTS Continuum of Care upang tiyakin na ang mga indibidwal na nangangailangan ng mga serbisyo sa Paggamot para sa Paggamit ng Substansya ay:

- Tinatrato bilang mga indibidwal na karapat-dapat sa respeto, kahit ano pa ang kanilang personal na yugto ng kahandaan para sa pagbabago.
- Tinatrato nang may pag-unawa sa buong pagkatao nang nakatuon sa kanilang kasalukuyang mga problema sa paggamit ng substansya at sa kalusugan ng kanilang pag-iisip, kalusugan ng katawan,

sitwasyon ng pamumuhay at network ng suporta sa lipunan.
- Ipinagkakaloob sa naaangkop na antas ng kasidhian.
- Ipinagkakaloob sa kanilang pinipiling wika at nang may pagtanggap sa kanilang pananaw at mga paniniwala hinggil sa kultura.
- Nakaugnay sa mga serbisyo sa napapanahong paraan kabilang ang access sa mga walk-in na serbisyo kung saan maaari.

Bakit Mahalagang Basahin ang Handbook na Ito?

Mahalagang maintindihan ninyo kung paano gumagana ang Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga (MCP) sa Drug Medi-Cal upang makuha ninyo ang kailangan ninyong pangangalaga. Ipinaliliwanag ng handbook na ito ang inyong mga benepisyo at kung paano kumuha ng pangangalaga. Sasagutin din nito ang marami sa inyong mga tanong.

Malalaman ninyo:
- Kung paano makatanggap ng mga serbisyo sa paggamot para sa paggamit ng substansya sa pamamagitan ng inyong county MCP
- Ang mga benepisyong makukuha ninyo
- Ang gagawin kung mayroon kayong tanong o problema
- Ang inyong mga karapatan at responsibilidad bilang isang miyembro ng inyong county MCP

Kung hindi ninyo babasahin ang handbook na ito ngayon, dapat ninyong itago ito para mabasa ninyo ito sa ibang pagkakataon. Gamitin ang handbook na ito bilang pandagdag sa handbook ng miyembro na natanggap ninyo noong nagpatala kayo sa inyong kasalukuyang benepisyo sa Medi-Cal. Maaaring iyan ay isang plano ng pinangangasiwaang pangangalaga sa Medi-Cal o sa regular na Medi-Cal "Fee for Service" program.

PANGKALAHATANG IMPORMASYON

Ang Drug Medi-Cal (DMC) ay isang uri ng insurance sa kalusugan na nagbabayad para sa mga serbisyo sa Paggamot para sa Paggamit ng Substansya para sa mga miyembro ng Medi-Cal. Nakikipagkontrata ang Mga Serbisyo sa Paggamot para sa Paggamit ng Substansya (SUTS) ng Estado sa Santa Clara County upang magkaloob ng mga serbisyo sa paggamot sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal. Ang mga benepisyong ito ay ipinagkakaloob ng isang grupo ng mga provider sa Santa Clara County na nakipagkasundo sa Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga (MCP) sa SUTS na magkaloob ng mga serbisyong pang-outpatient, masidhing pang-outpatient, bahagyang pagkakaospital ng outpatient, at mga serbisyo sa residensiya at pangangasiwa ng withdrawal. Tungkulin ng MCP na isaayos ang mga serbisyong ito.

Nagbabayad ang Drug Medi-Cal para sa mga kabataang lampas sa edad na 12 at mga nasa hustong gulang na

gusto at nangangailangan ng mga serbisyo sa Paggamot para sa Paggamit ng Substansya sa pamamagitan ng aming pinangangasiwaang sistema ng pangangalaga sa SUTS. Tinitiyak ng MCP na nakahanda, makukuha, at may-kalidad ang pangangalaga para sa lahat ng benepisyaryo ng Medi-Cal.

Mga Serbisyong Pang-emergency

Saklaw ang mga serbisyong pang-emergency 24 na oras bawat araw at 7 araw bawat linggo. Kung iniisip ninyong mayroon kayong emergency na nauugnay sa kalusugan, tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na emergency room para magpatulong.

Ang mga Serbisyong Pang-emergency ay mga serbisyo na ipinagkakaloob para sa hindi inaasahang kondisyong medikal, kabilang ang emergency na pansikiyatriyang kondisyong medikal.

May emergency na kondisyong medikal kung mayroon kayong mga sintomas na nagdudulot ng matinding pananakit o seryosong karamdaman o pinsala, na pinaniniwalaan ng isang makatwirang tao (isang maingat na taong wala sa larangan ng medisina) na maaaring makasama kung walang medikal na pangangalaga, at maaaring:

- Maglagay sa inyong kalusugan sa seryosong panganib, o
- Kung kayo ay buntis, maglagay sa inyong kalusugan o sa kalusugan ng inyong ipinagbubuntis na sanggol sa seryosong panganib, o

- Magdulot ng seryosong pinsala sa paggana ng inyong katawan, o
- Magdulot ng seryosong pinsala sa alinmang organ o bahagi ng katawan.

May karapatan kayong gamitin ang anumang ospital kapag may emergency. Hindi kailanman kailangan ng awtorisasyon para sa mga emergency na serbisyo.

Kanino Ako Makikipag-ugnayan Kung Naiisip Kong Magpakamatay?

Kung kayo o isang taong kilala ninyo ay nasa krisis, mangyaring tawagan ang National Suicide Prevention Lifeline sa 1-800-273-TALK (8255).

Para sa mga lokal na residente na humihingi ng tulong sa panahon ng krisis at upang ma-access ang mga lokal na programa sa kalusugang nauugnay sa pag-iisip, mangyaring tumawag sa 1-855-278-4204.

Paano Ko Malalaman Kung Kailangan Ko ng Tulong?

Maraming tao ang nagkakaroon ng mabibigat na problema sa buhay at maaaring makaranas ng mga problema sa paggamit ng substansya. Ang pinakamahalagang bagay na tatandaan kapag itinatanong ninyo sa inyong sarili kung kailangan ba ninyo ng tulong ng isang propesyonal ay ang magtiwala sa inyong sarili. Kung karapat-dapat kayo para sa Medi-Cal, at sa tingin ninyo'y kailangan ninyo ng tulong ng

isang propesyonal, dapat kayong humingi ng pagtatasa mula sa inyong Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga (MCP) sa Santa Clara County.

Paano Ko Malalaman Kapag Nangangailangan ng Tulong ang Isang Bata o Teenager?

Maaari kayong makipag-ugnayan sa inyong Santa Clara County MCP para sa pagtatasa para sa inyong anak o teenager kung iniisip ninyong nagpapakita siya ng anumang mga palatandaan ng paggamit ng substansya. Kung ipapakita ng pagtatasa ng county na kailangan ang mga serbisyo para sa paggamot na nauugnay sa droga at alak, aayusin ng county na matanggap ng inyong anak o teenager ang mga serbisyo.

Paano Kumuha ng mga Serbisyo ng Espesyalista sa Kalusugang Nauugnay sa Pag-iisip

May mga serbisyo ng espesyalista sa kalusugang nauugnay sa pag-iisip sa Santa Clara County para sa mga bata, kabataan, nasa hustong gulang, at mga nakatatanda. Ang numero ng telepono para sa Mental Health Service Call Center ay 1-800-704-0900.

Aayusin ng inyong MCP ang mga kinakailangang serbisyo ng espesyalista sa kalusugang nauugnay sa pag-iisip.

PANGANGAILANGAN DALA NG MEDIKAL NA DAHILAN

Ano ang Pangangailangan Dala ng Medikal na Dahilan at Bakit Ito Napakahalaga?

Isa sa mga kondisyong kinakailangan para sa pagtanggap ng mga serbisyo sa paggamot ng SUD sa pamamagitan ng Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga ay ang tinatawag na 'pangangailangan dala ng medikal na dahilan'. Nangangahulugan ito na kakausapin kayo ng isang doktor o iba pang lisensiyadong propesyonal upang ipasya kung may medikal na pangangailangan para sa mga serbisyo, at kung matutulungan kayo ng mga serbisyo kung tatanggapin ninyo ang mga ito.

Mahalaga ang pangangailangan dala ng medikal na dahilan dahil makakatulong ito sa Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga (MCP) na magpasya

kung karapat-dapat kayo para sa mga serbisyo sa paggamot para sa paggamit ng substansya at kung ano ang mga naaangkop na serbisyo.

Ano Ang mga Pamantayan ng Pangangailangan Dala ng Medikal na Dahilan para sa Coverage ng mga Serbisyo sa Paggamot para sa Paggamit ng Substansya?

Bilang bahagi ng pagdedesisyon kung kailangan ninyo ng mga serbisyo sa paggamot sa SUD, makikipagtulungan ang MCP sa inyo at sa inyong provider na ipasya kung ang mga serbisyo ay kinakailangan dala ng medikal na dahilan, tulad ng ipinaliliwanag sa itaas. Ipinaliliwanag ng seksyong ito kung paano nila gagawin ang desisyong iyon.

Upang makatanggap ng mga serbisyo kailangan ninyong matugunan ang mga sumusunod na pamantayan:

- Kailangang nakatala kayo sa Medi-Cal
- Kailangang nakatira kayo sa Santa Clara County
- Kailangang mayroon kayong kahit isa lang na diagnosis mula sa Diagnostic at Statistical Manual ng mga Karamdaman sa Pag-iisip 5 (DSM) para sa isang Nauugnay sa Substansya at Nakalululong na Karamdaman. Sinumang nasa hustong gulang, o kabataang wala pang 21 na taon, na natasang "nanganganib" na magkaroon ng SUD ay magiging karapat-dapat para sa mga serbisyo sa Early Intervention kung hindi nila natutugunan ang mga pamantayan ng pangangailangan dala ng medikal na dahilan.
- Kailangang matugunan ninyo ang kahulugan ng pangangailangan dala ng medikal na dahilan mula sa

American Society of Addiction Medicine (ASAM) para sa mga serbisyong nakabatay sa mga Pamantayan ng ASAM (Ang mga ito ay pambansang pamantayan ng paggamot para sa nakalululong at nauugnay sa substansyang mga kondisyon).

Hindi ninyo kailangang malaman kung mayroon kayong diagnosis para humingi ng tulong. Tutulungan kayo ng inyong county MCP na kunin ang impormasyong ito at ipapasya ang pangangailangan dala ng medikal na dahilan sa isang pagtatasa.

Access sa Paggamot para sa mga Walang Insurance
Nagbibigay ang Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga ng paggamot para sa mga hindi saklaw ng Medi-Cal, basta't wala silang pribadong insurance. Ang aming sistema ng pangangalaga ay maaaring ma-access ng sinumang may Medi-Cal o walang anumang insurance.

Mga Responsibilidad ng Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga (MCP)

Tungkulin ng Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga ang:

- Pagpapasya kung karapat-dapat kayo para sa mga serbisyo sa paggamot para sa paggamit ng substansya mula sa county o sa provider network nito.
- Pag-aayos ng inyong pangangalaga.
- Pagbibigay ng toll-free na numero ng telepono na sinasagot nang 24 na oras bawat araw at 7 araw bawat

linggo na makapagsasabi sa inyo kung paano kumuha ng mga serbisyo mula sa MCP: 1-800-488-9919.

- Maaari rin kayong makipag-ugnayan sa MCP sa numerong ito upang itanong kung mayroong pangangalaga makalipas ang mga oras ng trabaho: 408-792-5666.
- Pagkakaroon ng sapat na mga provider upang matiyak na makukuha ninyo ang mga serbisyo sa paggamot para sa paggamit ng substansya na saklaw ng MCP, kung kailangan ninyo ang mga ito.
- Pagbibigay-alam at pagtuturo sa inyo tungkol sa mga serbisyo na makukuha mula sa inyong MCP.
- Pagbibigay ng pagsasaalang-alang sa mga serbisyo sa paggamot para sa paggamit ng substansya na naaangkop sa kultura at wika. Makukuha ang mga serbisyo sa pasalita at pasulat na pagsasalin nang walang bayad.
- Pagbibigay ng mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan, tulad ng: mga kwalipikadong tagapagsalin sa sign language at nakasulat na impormasyon sa iba pang mga format (braille, malalaking letra, audio, madaling makuhang elektronikong format, at iba pang mga format).
- Pagbibigay sa inyo ng paunawa tungkol sa anumang malaking pagbabago sa impormasyong tinukoy sa handbook na ito nang hindi bababa sa 30 araw bago ang itinakdang petsang pagkakaroon ng bisa ng pagbabago. Ituturing na malaki ang isang pagbabago

kapag may pagtaas o pagbaba sa halaga o uri ng mga makukuhang serbisyo, o kung may pagtaas o pagbaba sa bilang ng mga network provider, o kung may iba pang pagbabago na makakaapekto sa mga benepisyong natatanggap ninyo sa pamamagitan ng MCP.

- Pagbibigay-alam sa inyo kung hindi maibibigay o hindi masusuportahan ng sinumang nakakontratang provider ang anumang saklaw na serbisyo, at pagbibigay-alam sa inyo tungkol sa mga alternatibong provider na nag-aalok ng saklaw na serbisyo.

Makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng SUTS MCP
408-792-5666

Impormasyon para sa mga Miyembro Na Nangangailangan ng mga Babasahin sa Ibang Wika
408-792-5666, (TTY: 800-855-7100 o 711)

Impormasyon para sa mga Miyembro na Nahihirapang Magbasa
408-792-5666

Impormasyon para sa mga Miyembro na Nahihirapang Makarinig
California Relay Service: 800-855-7100 (TTY)
Para sa Espanyol 800-855-7200 (TTY)

Impormasyon para sa mga Miyembro na Nahihirapang Makakita
408-792-5666

PAUNAWA TUNGKOL SA MGA PATAKARAN SA PAGKAPRIBADO

Bilang bahagi ng Santa Clara Valley Health and Hospital System mahalaga sa BHSD/SUTS ang inyong pagkapribado at gusto nitong protektahan ang inyong personal na impormasyon sa kalusugan (PHI). Maaari lamang maibahagi nang legal ang inyong impormasyon kung mayroon kayong pahintulot o kung naaayon sa mga utos ng batas. Hindi namin isisiwalat ang anumang impormasyon sa kalusugan na hindi naaayon sa mga batas ng Pederal, Estado at County. Gusto naming tiyakin na nabigyan kayo ng kopya ng Handbook ng Benepisyaryo ng inyong Paunawa tungkol sa mga Patakaran sa Pagkapribado at nalagdaan ang "Pagpapatunay sa Pagtanggap" para sa Pamamaraan sa Paglutas ng Problema sa Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga.

Pinagsisikapan naming panatilihin ang inyong PHI. Sinusunod namin ang mga patakaran sa pagkapribado ng HIPAA na naglalarawan sa inyong karapatang mapasabihan tungkol sa inyong mga karapatan sa pagkapribado. Sinusunod din namin ang Code of Federal Regulations (CFR) 42 part 2 – The Confidentiality of Alcohol and Drug Patient Records, tungkol sa kung paano magpalitan ng impormasyon, nang mayroon kayong pahintulot. Nag-aalok kami ng pahayag sa simula ng paggamot na nagbibigay ng paliwanag tungkol sa inyong mga karapatan at patakaran. Patakaran namin na palaging ipaskil ang Paunawa tungkol sa mga Patakaran sa Pagkapribado sa isang pampublikong lugar sa bawat isa sa aming mga site. Maaari kayong humingi ng kopya

ng paunawa tungkol sa pagkapribado sa anumang oras na gustuhin ninyo.

Protektado ang anumang impormasyong nakakatukoy ng pagkakakilanlan ng indibidwal, sa elektroniko o pisikal na anyo, tungkol sa inyong medikal na kasaysayan, kondisyon o paggamot ng pag-iisip o katawan na kinabibilangan ng bahagi ng impormasyong nakakatukoy ng pagkakakilanlan o na magbubunyag ng inyong pagkakakilanlan. May mga karapatan kayo hinggil sa pag-access, paggamit at pagsisiwalat sa inyong PHI.

Kanino Ako Makikipag-ugnayan Kung Pakiramdam Ko'y Nadiskrimina Ako?

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sumusunod ang Estado ng California at ang Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga (MCP) ng Drug Medi-Cal (DMC) sa mga naaangkop na pederal na batas sa mga karapatang sibil at hindi nagdidiskrimina batay sa lahi, kulay ng balat, bansang pinagmulan, pinagmulang angkan, relihiyon, kasarian, estadong sibil, gender, gender identity, oryentasyong sekswal, edad, o kapansanan. Kung naniniwala kayo na hindi naibigay ng Estado ng California o ng MCP ang mga serbisyong ito o nagdiskrimina sila sa iba pang paraan batay sa lahi, kulay ng balat, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian, maaari kayong maghain ng hinaing sa:

Director of Alcohol Drug and Access Services
976 Lenzen Ave, San Jose, CA 95126

Phone: 408-792-5680
Fax: 408-947-8702

Maaari rin kayong maghain ng reklamo kaugnay ng mga karapatang sibil sa elektronikong paraan sa U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights sa pamamagitan ng Office for Civil Rights Complaint Portal, na makikita sa https://ocrportal.hhs.gov/ocr/smartscreen/main.jsf. Maaari kayong maghain ng reklamo kaugnay ng mga karapatang sibil sa pamamagitan ng sulat o telepono sa:

U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201
1-800-368-1019, 800-537-7697 (TDD)

May mga form para sa reklamo na makukuha sa https://www.hhs.gov/ocr/complaints/index.html

MGA PAUNANG TAGUBILIN

Ang Paunang Tagubilin ay isang legal na dokumentong nagpapahintulot sa inyong sabihin nang maaga ang inyong mga kagustuhan, kung dumating ang araw na hindi ninyo makayang gumawa ng mga desisyon kaugnay ng pangangalagang pangkalusugan. Dinisenyo ito upang pahintulutan kayong magkaroon ng kontrol sa inyong sariling paggamot. May karapatan kayong magkaroon ng Paunang Tagubilin.

Isa rin itong nakasulat na tagubilin tungkol sa inyong pangangalagang pangkalusugan na

kinikilala sa ilalim ng batas ng California na nagsasabi kung paano ninyo gustong maipagkaloob ang pangangalagang pangkalusugan, at binabalangkas kung anong mga desisyon ang gusto ninyong magawa, kung o kapag dumating ang araw na hindi ninyo makayang magsalita para sa inyong sarili. Minsan ay tinatawag din ang paunang tagubilin bilang living will o durable power of attorney.

Binibigyan namin ang sinumang nasa hustong gulang na karapat-dapat sa Medi-Cal ng nakasulat na impormasyon tungkol sa mga patakaran sa Paunang Tagubilin kung hihingin ninyo ang impormasyon. Kung gusto ninyong hingin ang impormasyon, dapat ninyong kausapin ang inyong direktang provider. O maaari kayong tumawag sa numero para sa miyembro ng benepisyaryo ng MCP sa 408-792-5666.

May dalawang bahagi ang Paunang Tagubilin sa California:
Ang paghirang ninyo ng isang kinatawan (isang taong pipiliin ninyo) na gagawa ng mga desisyon tungkol sa inyong pangangalagang pangkalusugan, at

Ang inyong mga indibidwal na tagubilin kaugnay ng pangangalagang pangkalusugan.

Kung mayroon kayong reklamo tungkol sa mga hinihingi para sa paunang tagubilin, maaari kayong makipag-ugnayan sa:
California Department of Health Care Services, Licensing and Certification Services

P.O. Box 997413
Sacramento, CA 95899-1413
Maaari rin kayong tumawag sa **(800) 236-9747**

Maaaring mayroon kayong mga karagdagang karapatan sa ilalim ng mga batas ng estado tungkol sa Paggamot para sa Paggamit ng Substansya at maaaring gusto ninyong kontakin ang Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga sa 408-792-5666.

PAANO MAG-APPLY PARA SA MEDI-CAL

Awtomatikong Mandatoryong Pagpapatala

Kung naitalaga na kayo sa isang provider at hindi pa kayo nakapagpatala sa Medi-Cal, tutulungan kayo ng inyong provider na gawin ito. Maaari rin kayong tulungan ng Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga sa 408-792-5666.

Kung gusto ninyong mag-apply bago simulan ang paggamot, mangyaring tandaan ang sumusunod:

Saan Mag-a-apply?

Pangalan ng Opisina	Address	Numero ng Telepono	Mag-apply para sa:
Sentro ng Aplikasyon para sa Tulong	1867 Senter Rd. San Jose, CA 95112	408-758-3800 877-962-3633	• Coverage para sa Kalusugan • Tulong sa Pagkain • Tulong Pinansiyal
Tanggapan sa North County	1330 W Middlefield Road Mountain View, CA 94043	408-278-2400	• Coverage para sa Kalusugan • Tulong sa Pagkain • Tulong Pinansiyal
Tanggapan sa South County	379 Tomkins Court Gilroy, CA 95020	408-758-3300	• Coverage para sa Kalusugan • Tulong sa Pagkain • Tulong Pinansiyal
Mga Serbisyong Pangkalahatang Tulong	1919 Senter Road San Jose, CA 95112	408-793-8900	• Pangkalahatang Tulong • Cash Assistance Program for Immigrants (CAPI)
Central Wellness & Benefits Center (CWBC)	2221 Enborg Lane San Jose, CA 95128	408-885-6220	• Coverage para sa • Kalusugan Tulong sa Pagkain • Tulong Pinansiyal (mga pamilyang may mga Anak)
Children's Health Initiative:	Kontakin Gamit ang Telepono	1-888-244-5222	• Coverage para sa Kalusugan ng mga Bata

Online	www.mybenefitscalwin.org		• Coverage para sa Kalusugan • Tulong sa Pagkain • Tulong Pinansiyal (mga pamilyang may mga Anak)
DHCS - Pinangangasiwaang Pangangalagang Medikal Opisina ng Ombudsman (MMCO)	M-F 8-5 PST	1-888-452-8609	• Anumang mga tanong ninyo tungkol sa MCP • Pag-intindi sa MCP at mga pagpipilian at proseso • Paggamit sa proseso ng Hinaing

MGA SERBISYO

Ano Ang mga Serbisyo sa Paggamot sa DMC (Drug Medi-Cal)?

Ang mga serbisyo sa paggamot para sa paggamit ng substansya sa Drug Medi-Cal ay mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga tao na may kahit isa lang na Karamdamang Paggamit ng Substansya o Substance Use Disorder (SUD).

Kabilang sa mga serbisyo ang:

- Mga Serbisyong Pang-outpatient
- Masidhing Paggamot ng Outpatient
- Bahagyang Pagkakaospital
- Paggamot sa Residensiya (napapasailalim sa paunang awtorisasyon)
- Pangangasiwa ng Withdrawal
- Paggamot ng Opioid
- Paggamot na Tinutulungan ng Medikasyon
- Mga Serbisyo para sa Pagpapagaling
- Pangangasiwa ng Kaso

Kung gusto ninyong malaman ang higit pa tungkol sa bawat serbisyo ng Drug Medi-Cal na maaaring available sa inyo, tingnan ang mga paglalarawan sa ibaba:

Mga Serbisyong Pang-outpatient

- Ipinagkakaloob ang mga serbisyo sa pagpapayo sa mga miyembro hanggang sa siyam na oras kada linggo para sa mga nasa hustong gulang at mas mababa sa amin na oras kada linggo para sa mga nagbibinata o nagdadalaga kapag naipasyang kailangan dala ng medikal na dahilan at alinsunod sa planong iniangkop sa indibidwal na kliyente. Maaaring ipagkaloob ang mga serbisyo ng isang lisensiyadong propesyonal o sertipikadong tagapagpayo sa alinmang naaangkop na lugar sa komunidad.
- Kabilang sa mga Serbisyong Pang-outpatient ang pagtanggap at pagtatasa, pagpaplano ng paggamot, pagpapayo na pang-indibidwal, pagpapayo na pang-grupo, terapiya para sa pamilya, mga serbisyong collateral, edukasyon ng miyembro, mga serbisyo sa medikasyon, mga serbisyo sa crisis intervention, at pagpaplano ng paglabas.
- Ipinagkakaloob ang patuloy na pagtatasa at pagrerepaso sa ika-anim na buwan upang matiyak ang pagpapatuloy ng mga serbisyong kailangan dala ng medikal na dahilan.
- Ipinagkakaloob ang mga serbisyo nang harapan sa komunidad at maaaring ipagkaloob sa telepono paminsan-minsan.

Mga Masidhing Serbisyong Pang-outpatient

- Ipinagkakaloob ang mga Masidhing Serbisyong Pang-outpatient sa mga miyembro (pinakamababa ang siyam na oras at pinakamarami ang 19 na oras kada linggo para sa mga nasa hustong gulang at pinakamababa ang anim na oras at pinakamarami ang 19 na oras kada linggo para sa mga nagbibinata o nagdadalaga) kapag ipinasyang kailangan dala ng medikal na dahilan at alinsunod sa planong iniangkop sa indibidwal na kliyente. Ang mga serbisyo ay binubuo ng pagpapayo at edukasyon tungkol sa mga problemang nauugnay sa pagkalulong. Maaaring ipagkaloob ang mga serbisyo ng isang lisensiyadong propesyonal o sertipikadong tagapagpayo sa alinmang naaangkop na lugar sa komunidad.
- Kabilang sa mga Masidhing Serbisyong Pang-outpatient ang parehong mga bahagi na nasa Mga Serbisyong Pang-outpatient. Ang mas mataas na bilang ng mga oras ng serbisyo ang pangunahing pagkakaiba.
- Ipinagkakaloob ang patuloy na pagtatasa at pagrerepaso sa ika-anim na buwan upang matiyak na natutugunan ng mga serbisyo ang pangangailangan dala ng medikal na dahilan para sa naturang antas ng pangangalaga.

- Ipinagkakaloob ang mga serbisyo nang harapan sa komunidad at maaaring ipagkaloob sa telepono paminsan-minsan.

Bahagyang Pagkakaospital

- Kasama sa mga serbisyo para sa Bahagyang Pagkakaospital ang 20 o mas marami pang oras ng klinikal na masidhing programa kada linggo, ayon sa tinukoy sa plano ng paggamot ng miyembro. Karaniwang may direktang access ang mga programa sa bahagyang pagkakaospital sa mga serbisyo sa sikiyatriya, medikal, at laboratoryo, at dapat matugunan ang mga natukoy na pangangailangan na nangangailangan ng araw-araw na pagsubaybay o pangangasiwa ngunit maaaring angkop na matugunan sa isang naisaayos na lugar na pang-outpatient. Ang mga serbisyo para sa Bahagyang Pagkakaospital ay kahalintulad ng mga Masidhing Serbisyong Pang-outpatient, na ang pangunahing mga pagkakaiba ay ang mas mataas na bilang ng mga oras at karagdagang access sa mga medikal na serbisyo.
- Ipinagkakaloob ang patuloy na pagtatasa at pagrerepaso sa ika-anim na buwan upang matiyak ang pagpapatuloy ng mga serbisyong kailangan dala ng medikal na dahilan

- Ipinagkakaloob ang mga serbisyo nang harapan sa komunidad at maaaring ipagkaloob sa telepono paminsan-minsan

Paggamot sa Residensiya (Napapasailalim sa awtorisasyon ng county)

- Nag-aalok ang Paggamot sa Residensiya ng pang-suporta, 24-na-oras, hindi-medikal, panandaliang "live-in" na paggamot na kinabibilangan ng mga serbisyo sa rehabilitasyon para sa mga miyembro na may diagnosis ng Karamdamang Paggamit ng Substansya (SUD) na ipinasyang kailangan dala ng medikal na dahilan at alinsunod sa plano ng paggamot na iniangkop sa indibidwal. Maninirahan ang bawat miyembro sa lugar at masusuportahan sa kanilang mga pagsisikap na mapanumbalik, mapanatili at magamit ang mga kakayahan sa pakikisalamuha sa ibang tao at pamumuhay nang nagsasarili at access sa mga sistema ng suporta sa komunidad. Nagtutulungan ang mga provider at residente upang tukuyin ang mga balakid, magtakda ng mga prayoridad, gumawa ng mga layunin, lumikha ng mga plano ng paggamot, at lutasin ang mga problemang nauugnay sa SUD. Kabilang sa mga layunin ang pagpapamalagi ng abstinensya, paghahanda para sa mga nagpapasimula ng relapse, pagpapahusay sa personal na kalusugan at pakikisalamuha sa lipunan, at pakikibahagi sa patuloy na pangangalaga.

- Nangangailangan ang mga serbisyo sa residensiya **ng paunang awtorisasyon** ng MCP. Ang bawat awtorisasyon para sa mga serbisyo sa residensiya ay maaaring hanggang sa pinakamarami na 90 araw para sa mga nasa hustong gulang at 30 araw para sa mga kabataan. Dalawang awtorisasyon lamang para sa mga serbisyo sa residensiya ang pinahihintulutan sa isang taon. Posibleng magkaroon ng 30-araw na pagpapalawig kada taon batay sa pangangailangan dala ng medikal na dahilan. Sinusukat ang panahong ito sa fiscal na taon, na nagsisimula sa unang araw ng Hulyo at nagtatapos sa ika-30 araw ng Hunyo ng susunod na taon.
- Kabilang sa mga Serbisyo sa Residensiya ang pagtanggap at pagtatasa, pagpaplano ng paggamot, pagpapayo na pang-indibidwal, pagpapayo na pang-grupo, terapiya para sa pamilya, mga serbisyong collateral, edukasyon ng miyembro, mga serbisyo sa medikasyon, pag-iingat sa mga medikasyon (itatago ng mga pasilidad ang lahat ng gamot ng residente at maaaring tumulong ang mga tauhan ng pasilidad sa pag-inom ng residente ng kanyang gamot), mga serbisyo sa crisis intervention, tranportasyon (pagbibigay o pag-aayos ng transportasyon patungo at pauwi mula sa paggamot na kailangan dala ng medikal na dahilan) at pagpaplano ng paglabas.

- Ang mga miyembro na karapat-dapat sa Maagang Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot (EPSDT) (mas bata sa edad na 21) ay hindi magkakaroon ng mga limitasyon sa awtorisasyon na inilalarawan sa itaas basta't patutunayan ng pangangailangan dala ng medikal na dahilan na kailangan ang patuloy na mga serbisyo sa residensiya.
- Ang mga babaeng buntis ay may benepisyo na nagpapahintulot sa kanilang magpatuloy sa residensiya nang 60 araw matapos manganak.

Pangangasiwa ng Withdrawal

- Ipinagkakaloob ang mga serbisyo sa Pangangasiwa ng Withdrawal kapag ipinasyang kailangan dala ng medikal na dahilan at alinsunod sa planong iniangkop sa indibidwal na kliyente. Maninirahan sa pasilidad ang bawat miyembro at susubaybayan sa panahon ng proseso ng detoxification. Ipinagkakaloob ang mga serbisyong kailangan dala ng medikal na dahilan at pangrehabilitasyon alinsunod sa isang plano na iniangkop sa indibidwal na kliyente na inirekomenda ng isang lisensiyadong doktor, o lisensiyang tagapagreseta at inaprubahan at pinahintulutan alinsunod sa mga hinihingi ng Estado ng California.
- Kabilang sa mga Serbisyo sa Pangangasiwa ng Withdrawal ang pagtanggap at pagtatasa, pag-oobserba (upang suriin ang kalagayan ng

kalusugan at tugon sa anumang iniresetang gamot), mga serbisyo sa medikasyon, at pagpaplano ng paglabas.

- Ang pangangasiwa ng withdrawal ay karaniwang nagtatagal nang, ngunit hindi limitado sa, tatlo hanggang pitong araw.

Paggamot ng Opioid

- Ipinagkakaloob ang mga serbisyo sa Programang Paggamot ng Opioid (Narcotic) (OTP/NTP) sa mga lisensiyadong pasilidad ng NTP. Patuloy na sinusubaybayan ang mga serbisyong kailangan dala ng medikal na dahilan. Ipinapasya ng isang lisensiyadong doktor o lisensiyadong tagapagreseta ang isang plano na iniangkop sa indibidwal na kliyente, at inaaprubahan at pinahihintulutan alinsunod sa mga hinihingi ng Estado ng California. Kailangan ang mga programang OTP/NTP upang mag-alok at magreseta ng mga gamot sa mga miyembro na saklaw sa ilalim ng pormularyo ng DMC kabilang ang methadone, buprenorphine, naloxone, at disulfiram.
- Ang isang miyembro ay kailangang tumanggap, sa pinakamababa, ng 50 minutong sesyon sa pagpapayo mula sa isang therapist o tagapagpayo nang hanggang 200 minuto kada buwan sa kalendaryo, bagama't maaaring ipagkaloob ang mga

serbisyo batay sa pangangailangan dala ng medikal na dahilan.

- Kabilang sa mga Serbisyo sa Paggamot ng Opioid ang parehong mga bahagi tulad ng mga Serbisyo sa Paggamot ng Outpatient, na kasama ang medical psychotherapy na binubuo ng harapang pag-uusap ng isang doktor at ng miyembro nang sarilinan.
- Ipinagkakaloob ang patuloy na pagtatasa at isang taunang pagrerepaso upang matiyak ang pagpapatuloy ng mga serbisyong kailangan dala ng medikal na dahilan

Paggamot na Tinutulungan ng Medikasyon

- Makukuha ang mga Serbisyo sa Paggamot na Tinutulungan ng Medikasyon o Medication Assisted Treatment (MAT) sa labas ng klinika ng OTP at inireseta ng isang lisensiyadong doktor. Ang MAT ay ang paggamit ng mga de-resetang gamot, kasabay ng pagpapayo at mga terapiya sa pag-uugali, upang magbigay ng paraan ng paggamot ng SUD na nakatuon sa kabuuan ng isang tao.
- Kabilang sa mga serbisyo sa MAT ang pag-oorder, pagrereseta, pagbibigay, at pagsubaybay sa lahat ng medikasyon para sa SUD. Ang pagkalulong sa opioid at alak ay partikular na may mga napatunayan nang opsyon na medikasyon. Maaaring mag-alok ang mga doktor at iba pang mga tagapagreseta ng mga medikasyon sa mga miyembro na saklaw sa

ilalim ng pormularyo ng DMC kabilang ang buprenorphine, naloxone, disulfiram, Vivitrol, Acamprosate, o anumang aprubado ng FDA na medikasyon para sa paggamot ng SUD.

- Ipinagkakaloob ang patuloy na pagtatasa at isang taunang pagrerepaso upang matiyak ang pagpapatuloy ng mga serbisyong kailangan dala ng medikal na dahilan

Mga Serbisyo para sa Pagpapagaling

- Mahalaga ang mga Serbisyo para sa Pagpapagaling sa pagpapagaling at kaayusan ng pangkabuuang kalusugan ng miyembro. Nagiging paraan ng paggagamot ang komunidad ng paggamot kung saan nagkakaroon ang mga miyembro ng kapangyarihan at nakapaghahanda para pangasiwaan ang kanilang kalusugan at pangangalagang pangkalusugan. Samakatuwid, kailangang bigyang-diin ng paggamot ang mahalagang papel ng miyembro sa pangangasiwa sa kanyang kalusugan, paggamit ng mabisang mga estratehiyang sumusuporta sa pangangasiwa ng sarili, at pag-aayos sa mga mapagkukunan sa loob at sa komunidad upang magbigay ng patuloy na suporta sa mga miyembro para sa pangangasiwa ng sarili.
- Kabilang sa mga Serbisyo para sa Pagpapagaling ang pang-indibidwal at pang-grupong pagpapayo; pagsubaybay sa pagpapagaling/tulong sa paggamit

ng substansya (pagtuturo sa pagpapagaling, paghadlang sa relapse, at mga serbisyo sa pagitan ng mga magkakaalinsabay); at pangangasiwa ng kaso (mga ugnayan sa mga serbisyong pang-edukasyon, pambokasyonal, mga suporta sa pamilya, mga suporta na nasa komunidad, tirahan, transportasyon, at iba pang mga serbisyo batay sa pangangailangan).

- Available ang mga Serbisyo para sa Pagpapagaling sa mga dumaan na sa paggamot at nasa partial remission, na nangangailangan ng patuloy na edukasyon at suporta para maiwasan ang relapse
- Ipinagkakaloob ang patuloy na pagtatasa at pagrerepaso sa ika-anim na buwan upang matiyak ang pagpapatuloy ng mga serbisyong kailangan dala ng medikal na dahilan

Nakatuon na Pangangasiwa ng Kaso

- Tinutulungan ng mga Serbisyo para sa Nakatuon na Pangangasiwa ng Kaso o Targeted Case Management (TCM) ang mga miyembro na makuha ang mga kinakailangang serbisyong medikal, pang-edukasyon, sosyal, prevocational, bokasyonal, pang-rehabilitasyon, o iba pang mga serbisyo sa komunidad. Nakatuon ang mga serbisyong ito sa koordinasyon ng pangangalaga ng SUD, pagsasama sa palibot ng pangunahing pangangalaga lalo na para sa mga miyembro na

may hindi gumagaling-galing na SUD, at interaksyon sa sistema ng hustisya sa krimen, kung kinakailangan.

- Kabilang sa mga serbisyo para sa TCM ang isang komprehensibong pagtatasa at pana-panahong muling pagtatasa sa mga indibidwal na pangangailangan upang ipasya ang pangangailangan para sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pangangasiwa ng kaso; mga paglipat sa mas matataas o mas mababang antas ng pangangalaga; paggawa at pana-panahong pagbabago ng isang plano para sa kliyente na kinabibilangan ng mga aktibidad ng serbisyo; komunikasyon, koordinasyon, referral at mga nauugnay na aktibidad; pagsubaybay sa progreso ng miyembro; at pagsuporta sa miyembro, mga ugnayan sa pangangalaga ng katawan at kalusugan ng pag-iisip, transportasyon at pananatili sa mga serbisyo sa pangunahing pangangalaga.

Maagang Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot (EPSDT)

- Kung kayo ay wala pang 21 na taon, maaari kayong makatanggap ng karagdagang mga serbisyong kailangan dala ng medikal na dahilan sa ilalim ng Maagang Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot (EPSDT). Kabilang sa mga serbisyong ito ang screening, paningin, ngipin, pandinig at lahat ng iba pang mandatoryo at opsyonal na serbisyong kailangan dala ng medikal na dahilan na nakalista sa pederal na batas 42 U.S.C. 1396d(a)

upang iwasto o pabutihin ang mga depekto at mga karamdaman ng katawan at pag-iisip at mga kondisyong natukoy sa isang EPSDT screening saklaw man ang mga serbisyo para sa nasa hustong gulang o hindi. Ang hinihingi kaugnay sa pangangailangan dala ng medikal na dahilan at pagiging mura at epektibo ang tanging mga limitasyon o ibinubukod na naaangkop sa mga serbisyo sa EPSDT.

Paglipat ng Pangangalaga

Naniniwala ang SUTS na napakahalaga ng maayos na paglipat mula sa isang antas ng pangangalaga patungo sa iba. Tatalakayin ng tagapagpayo ang anumang mga pagbabago sa antas ng pangangalaga sa miyembro at gagawa ng mga direktang referral ayon sa kinakailangan. Sasabihin ng mga tagapagpayo sa mga miyembro ang mga pagpipilian sa paglipat, makikipag-ugnayan sa mga bagong provider at padadaliin ang paglipat.

PAANO KUMUHA NG MGA SERBISYO SA PAGGAMOT SA DMC

Kung kayo, o isang tao sa inyong pamilya, ay nangangailangan ng mga Serbisyo sa Paggamot para sa Paggamit ng Substansya, tawagan ang 24-na-oras na access line ng benepisyaryo - Gateway Call Center sa **1-800-488-9919**. Tatalakayin ng Gateway Call Center ang inyong mga opsyon sa paggamot para sa Paggamit ng Substansya, batay sa inyong kasalukuyang sitwasyon at mga pangangailangan. Maaari rin ninyong tawagan ang toll-free na numero ng telepono ng inyong county: 408-792-5666

Maaari rin kayong irekomenda sa mga serbisyo sa paggamot sa iba pang mga paraan. Tumatanggap ang inyong MCP ng mga rekomendasyon para sa mga serbisyo sa paggamot mula sa mga doktor at iba pang mga provider ng pangunahing pangangalaga. Karaniwan kakailanganin ng provider o ng planong pangkalusugan para sa pinangangasiwaang pangangalaga sa Medi-Cal ang inyong pahintulot o ang pahintulot ng magulang o tagapangalaga ng isang bata upang gawin ang rekomendasyon, maliban kung may emergency. Maaari ring gumawa ng mga rekomendasyon ang mga iba pang tao at organisasyon sa mga serbisyo para sa SUD, kabilang ngunit hindi limitado sa mga paaralan; mga departamento ng mga serbisyong panlipunan; mga conservator, guardian o mga miyembro ng pamilya; mga probation officer at mga hukom.

Available ang mga saklaw na serbisyo sa pamamagitan ng provider network ng Santa Clara County Member

Service. Kung may anumang rason para hindi maipagkaloob ng isang nakakontratang provider ang isang saklaw na serbisyo, aayusin ng Santa Clara County na isagawa ng ibang provider ang serbisyo.

Pangangalaga Makalipas ang mga Oras ng Trabaho
Para sa pangangalaga makalipas ang mga oras ng trabaho, tawagan ang 24-na-oras na access line ng benepisyaryo - Gateway Call Center sa **1-800-488-9919**.

Residensiyal: bibigyan kayo ng impormasyon tungkol sa proseso para ma-screen para sa pagiging karapat-dapat at irerekomenda sa residensiyal, simula 8a.m.

Pangangasiwa ng Withdrawal: may dalawang lugar na maaari ninyong tawagan 24 na oras bawat araw upang humiling ng bakanteng kama:

Mga lalaki: Horizon South: **408-283-8555**
Mga babae: Pathway Mariposa Lodge: **408-281-6550**

PAGPILI NG PROVIDER

Paano Ako Maghahanap ng Provider ng mga Serbisyo sa Paggamot Para sa Paggamit ng Substansya?

Maaaring limitahan ng MCP ang pagpipilian ninyo ng mga provider. Kailangan bigyan kayo ng inyong county MCP ng pagkakataong pumili sa pagitan ng kahit man lang dalawang provider kapag una ninyong sisimulan ang mga serbisyo, maliban kung may magandang

dahilan ang MCP kung bakit hindi ito makapagbigay ng pagpipilian, halimbawa, iisa lang ang provider na makapagbibigay ng kailangan ninyong serbisyo. Kailangang pahintulutan kayo ng inyong MCP na magpalit ng provider. Kapag hihingin ninyo ang pagpapalit ng provider, kailangang pahintulutan kayo ng county na mamili sa pagitan ng kahit man lang dalawang provider, maliban kung may magandang dahilan para hindi gawin ito.

Minsan ang mga nakakontratang provider ng county ay kusang umaalis o hinihiling ng MCP na umalis sa network ng county. Kapag mangyayari ito, kailangang gumawa ang MCP ng pagsisikap nang may mabuting hangarin na magbigay ng nakasulat na paunawa tungkol sa pagtatapos ng serbisyo ng nakakontratang provider ng county sa loob ng 15 araw matapos matanggap o mailabas ang paunawa tungkol sa pagtatapos, sa bawat tao na tumatanggap ng mga serbisyo sa paggamot sa SUD mula sa naturang provider.

Sa Sandaling Makahanap Ako ng Provider, Maaari Bang Sabihin ng MCP Sa Provider Kung Anong mga Serbisyo ang Makukuha Ko?

Kayo, ang inyong provider, at ang MCP ay kabahagi lahat sa pagdedesisyon kung anong mga serbisyo ang kailangan ninyong tanggapin sa pamamagitan ng pagsunod sa mga pamantayan ng pangangailangan dala ng medikal na dahilan at sa listahan ng mga saklaw na serbisyo. Minsan hahayaan ng county na kayo at ang provider ang magdesisyon. Minsan naman, maaaring hingin ng MCP sa inyong provider na hilingin sa MCP na

repasuhin ang mga dahilan kung bakit iniisip ng provider na kailangan ninyo ang isang serbisyo bago maipagkaloob ang naturang serbisyo. Kailangang gumamit ang MCP ng kwalipikadong propesyonal na gagawa ng pagrerepaso. Ang proseso ng pagrerepaso na ito ay tinatawag na proseso ng awtorisasyon ng plano sa pagbabayad.

Kailangang sundin ng proseso ng awtorisasyon ng MCP ang mga partikular na takdang panahon. Para sa karaniwang awtorisasyon, kailangang gumawa ang plano ng desisyon sa kahilingan ng inyong provider sa loob ng 14 na araw sa kalendaryo. Kung hihingin ninyo o ng inyong provider, o kung iniisip ng MCP na makabubuti sa inyo ang pagkuha ng karagdagang impormasyon mula sa inyong provider, maaaring palawigin ang takdang panahon hanggang sa karagdagang 14 na araw sa kalendaryo. Ang isang halimbawa kung kailangan maaaring makabuti sa inyo ang pagpapalawig ay kapag iniisip ng county na maaari nitong aprubahan ang kahilingan ng inyong provider para sa awtorisasyon kung may karagdagang impormasyon ang MCP mula sa inyong provider at kakailanganin niyang hindi aprubahan ang kahilingan kung wala ang impormasyon. Kung palalawigin ng MCP ang takdang panahon, padadalahan kayo ng county na nakasulat na paunawa tungkol sa pagpapalawig.

Kung hindi gagawa ang county ng desisyon sa loob ng takdang panahong kinakailangan para sa kahilingan ng karaniwan o pinabilis na awtorisasyon, kailangang padalhan kayo ng MCP ng Paunawa tungkol sa Hindi

Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo na nagsasabi sa inyo na hindi inaprubahan ang mga serbisyo at na maaari kayong maghain ng apela o humingi ng State Fair Hearing.

Maaari kayong humingi sa MCP ng karagdagang impormasyon tungkol sa prosesong ito ng awtorisasyon. Tingnan ang harap na seksyon ng handbook na ito upang malaman kung paano hihingin ang impormasyon.

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng MCP sa proseso ng awtorisasyon, maaari kayong maghain ng apela sa county o humingi ng State Fair Hearing.

Aling Mga Provider ang Ginagamit ng Aking Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga?

Kung bago kayo sa Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga sa Santa Clara County, makikita ang isang kumpletong listahan ng mga provider sa dulo ng handbook na ito at naglalaman ng impormasyon tungkol sa kung saan makikita ang mga provider, ang mga serbisyong ipinagkakaloob nila, at iba pang impormasyon na makakatulong sa inyo sa pagkuha ng pangangalaga, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa kultura at wika na makukuha mula sa mga provider. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa mga provider, tawagan ang mga numerong ito: Gateway 1-800-488-9919 (toll-free) o MCP 408-792-5666.

PAUNAWA TUNGKOL SA HINDI PABOR NA PAGPAPASYA SA BENEPISYO

Ano Ang Paunawa Tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo?

Ang Paunawa Tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo, na minsan ay tinatawag na NOABD, ay isang form na ginagamit ng inyong Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga kapag gagawa ang plano ng desisyon tungkol sa kung makukuha ba ninyo o hindi ang mga serbisyo sa paggamot ng SUD sa Medi-Cal. Ginagamit din ang Paunawa Tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo upang sabihin sa inyo kung hindi nalutas sa takdang oras ang inyong hinaing, apela, o pinabilis na apela, o kung hindi ninyo nakuha ang mga serbisyo sa loob ng mga karaniwang itinakdang panahon ng MCP para sa pagkakaloob ng mga serbisyo.

Kailan Ako Makakatanggap ng Paunawa Tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo?

Makakatanggap kayo ng Paunawa tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo (NOABD):

- Kung magdesisyon ang inyong MCP o isa sa mga provider na hindi kayo kwalipikadong tumanggap ng anumang mga serbisyo sa paggamot ng SUD sa Medi-Cal dahil hindi ninyo natutugunan ang mga pamantayan ng pangangailangan dala ng medikal na dahilan.
- Kung iniisip ng inyong provider na kailangan ninyo ng serbisyo sa paggamot para sa paggamit ng substansya at hihingi ng pag-apruba ng MCP, ngunit hindi sumasang-ayon ang MCP at hindi aaprubahan ang kahilingan ng inyong provider, o babaguhin ang uri o dalas ng serbisyo. Sa karamihan ng oras makakatanggap kayo ng Paunawa

Tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo (NOABD) bago ninyo tanggapin ang serbisyo, ngunit minsan darating ang pagpapasya matapos ninyong matanggap ang serbisyo, o habang tinatanggap ninyo ang serbisyo. Kung makatanggap kayo ng Paunawa tungkol sa NOABD matapos ninyong matanggap ang serbisyo hindi ninyo kailangang bayaran ang serbisyo.

- Kung humingi ang inyong provider sa MCP ng pag-apruba, ngunit kailangan nila ng karagdagang impormasyon para gumawa ng desisyon at hindi nakumpleto ang proseso ng pag-apruba sa takdang panahon.
- Kung hindi ipagkakaloob ng MCP ang mga serbisyo sa inyo batay sa mga panahong itinakda ng MCP. Tawagan ang inyong MCP upang alamin kung mayroon silang mga itinakdang panahon.
- Kung maghahain kayo ng hinaing sa MCP at hindi sila tutugon sa inyo ng nakasulat na desisyon sa inyong hinaing sa loob ng 90 araw sa kalendaryo. Kung maghahain kayo ng apela sa MCP at hindi sila tutugon sa inyo ng nakasulat na desisyon sa apela sa loob ng 30 araw sa kalendaryo o, kung naghain kayo ng pinabilis na apela, at hindi kayo nakatanggap ng tugon sa loob ng 72 oras.

Palagi Ba Akong Makakatanggap ng Paunawa Tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo Kapag Hindi Ko Makukuha ang mga Serbisyong Gusto Ko?

May ilang kaso kung saan maaaring hindi kayo makatanggap ng Paunawa Tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo. Maaari pa rin kayong maghain ng apela sa MCP o kung

nakumpleto na ninyo ang proseso ng apela, maaari kayong humingi ng state fair hearing kapag mangyayari ang mga bagay na ito. Kasama sa handbook na ito ang impormasyon kung paano maghahain ng apela o hihingi ng fair hearing. Dapat ring nakahang makuha ang impormasyon sa opisina ng inyong provider.

Ano ang Sasabihin sa Akin ng Paunawa Tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo?

Sasabihin sa inyo ng Paunawa Tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo:

- Ang ginawa ng inyong MCP na nakakaapekto sa inyo at sa kakayahan ninyong makuha ang mga serbisyo.
- Ang petsa na pagkakaroon ng bisa ng desisyon at ang dahilan ng paggawa ng plano ng desisyon nito.
- Ang mga patakaran ng estado o pederal na pamahalaan na sinusunod ng county noong ginawa nito ang desisyon.
- Ang mga karapatan ninyo kung hindi kayo sumasang-ayon sa ginawa ng plano.
- Paano maghain ng apela sa plano.
- Paano humingi ng State Fair Hearing.
- Paano humingi ng pinabilis na apela o pinabilis na fair hearing.
- Paano humingi ng tulong sa paghahain ng apela o paghingi ng State Fair Hearing.
- Gaano katagal kayo dapat maghain ng apela o humingi ng State Fair Hearing.
- Kung karapat-dapat kayo na patuloy na tumanggap ng mga serbisyo habang naghihintay kayo ng desisyon sa Apela o State Fair Hearing.

- Kailan ninyo dapat ihain ang inyong kahilingan para sa Apela o State Fair Hearing kung gusto ninyong magpatuloy ang mga serbisyo.

Ano ang Dapat Kong Gawin Kapag Makatanggap Ako ng Paunawa Tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo?

Kapag nakatanggap kayo ng Paunawa Tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo dapat ninyong basahing mabuti ang lahat ng impormasyon sa form. Kung hindi ninyo naiintindihan ang form, matutulungan kayo ng inyong MCP. Maaari rin kayong humingi ng tulong sa ibang tao.

Maaari ninyong hilingin ang pagpapatuloy ng itinigil na serbisyo kapag magsusumite kayo ng apela o kahilingan para sa State Fair Hearing. Kailangan ninyong hilingin ang pagpapatuloy ng serbisyo sa loob ng hindi bababa sa 10 araw sa kalendaryo makalipas ang petsa na natatakan sa koreo o personal na ibinigay sa inyo ang Paunawa Tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo, o bago ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng pagbabago.

MGA PROSESO NG PAGLUTAS NG PROBLEMA

Paano Kung Hindi Ko Makuha ang Mga Serbisyo na Gusto Ko Mula sa Aking Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga sa County?

May paraan ang inyong MCP para malutas ninyo ang isang problema tungkol sa anumang isyu na nauugnay sa mga serbisyo sa paggamot na tinatanggap ninyo. Tinatawag itong proseso ng paglutas ng problema at maaaring bahagi dito ang sumusunod na mga proseso:

1. Proseso ng Hinaing – isang pagpapahayag ng kawalang-kasiyahan tungkol sa anumang bagay hinggil sa inyong mga serbisyo sa paggamot sa SUD, bukod sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo.
2. Proseso ng Apela – pagrerepaso ng isang desisyon (hindi pag-apruba o pagbabago ng mga serbisyo) na ginawa ng MCP o ng inyong provider tungkol sa inyong mga serbisyo sa paggamot para sa paggamit ng substansya.
3. Proseso ng State Fair Hearing – pagrerepaso upang tiyakin na natatanggap ninyo ang mga serbisyo sa paggamot para sa paggamit ng substansya na nararapat sa inyo sa ilalim ng programang Medi-Cal.

Ang paghahain ng hinaing o apela, o State Fair Hearing ay hindi makakaapekto nang masama laban sa inyo at hindi nito aapektuhan ang mga serbisyong tinatanggap ninyo. Kapag kumpleto na ang inyong hinaing o apela, magbibigay ng paunawa ang MCP sa inyo at sa iba pang sangkot tungkol sa huling kinalabasan. Kapag kumpleto na ang inyong State Fair Hearing, magbibigay ng paunawa ang Opisina ng State Hearing sa inyo at sa iba pang sangkot tungkol sa huling kinalabasan.

Alamin ang higit pa tungkol sa bawat proseso ng paglutas ng problema sa ibaba.

Maaari Ba Akong Makakuha ng Tulong Para Maghain ng Apela, Hinaing O State Fair Hearing?

Magkakaroon ang inyong MCP ng mga tao na nakahandang magpaliwanag ng mga prosesong ito sa inyo at na tutulong sa inyo sa pagrereport ng problema bilang isang hinaing, apela, o bilang paghiling ng State Fair Hearing. Maaari rin nila kayong tulungang magdesisyon kung kwalipikado kayo para sa

tinatawag na ‘pinabilis’ na proseso, na nangangahulugang rerepasuhin ito nang mas mabilis dahil nanganganib ang inyong kalusugan o katatagan. Maaari rin kayong magpahintulot ng ibang tao na kikilos para sa inyo, kabilang ang inyong provider ng paggamot para sa paggamit ng substansya.

Kung gusto ninyo ng tulong, tawagan ang Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga sa 408-792-5666 o toll free: Gateway 1-800-488-9919.

.

Paano Kung Kailangan Ko ng Tulong sa Paglutas ng Isang Problema Sa Aking Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga sa County Ngunit Hindi Ko Gustong Maghain ng Hinaing O Apela?

Maaari kayong makakuha ng tulong mula sa Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (DHCS) sa CA kung nagkakaproblema kayo sa paghahanap ng mga tamang tao sa county na tutulong sa inyo sa paggamit ninyo sa sistema.

Maaari kayong makakuha ng libreng legal na tulong sa inyong lokal na legal aid office o iba pang mga grupo. Maaari kayong magtanong tungkol sa inyong mga karapatan sa hearing o libreng legal na tulong mula sa Public Inquiry and Response Unit:

Tumawag nang toll free: 1-800-952-5253
Kung nahihirapan kayong makarinig at gumagamit kayo ng TDD, tumawag sa: 1-800-952-8349

ANG PROSESO NG HINAING

Ano Ang Hinaing?

Ang hinaing ay isang pagpapahayag ng kawalang-kasiyahan tungkol sa anumang bagay hinggil sa inyong mga serbisyo sa paggamot para sa SUD na hindi isa sa mga problemang saklaw ng mga proseso ng apela at State Fair Hearing.

Ang proseso ng hinaing ay:

- Magkakaroon ng simple at madaling maintindihang mga pamamaraan na nagpapahintulot sa inyong ilahad ang inyong hinaing nang pasalita o sa pamamagitan ng sulat.
- Hindi magkakaroon ng masamang epekto laban sa inyo o sa inyong provider sa anumang paraan.
- Pahihintulutan kayong magbigay ng awtorisasyon sa isang tao na kikilos para sa inyo, kabilang ang isang provider. Kung magbibigay kayo ng awtorisasyon sa isang tao na kikilos para sa inyo, maaaring hilingin ng MCP na lumagda kayo ng isang form na nagbibigay-awtorisasyon sa plano na magbigay ng impormasyon sa naturang tao.
- Tinitiyak na ang mga indibidwal na gumagawa ng mga desisyon ay kwalipikadong gawin ito at hindi kasama sa anumang naunang mga antas ng pagrerepaso o pagdedesisyon.
- Tinutukoy ang mga papel na gagampanan at mga responsibilidad ninyo, ng inyong MCP at ng inyong provider.
- Magbibigay ng kalutasan para sa hinaing sa mga iniaatas na takdang panahon.

Kailan Ako Maaaring Maghain ng Hinaing?
Maaari kayong maghain ng hinaing sa MCP sa anumang oras kung hindi kayo nasisiyahan sa mga serbisyo sa paggamot para sa SUD na natatanggap ninyo mula sa MCP o kung mayroon kayong ibang ikinababahala hinggil sa MCP.

Paano Ako Maghahain ng Hinaing?
Maaari ninyong tawagan ang inyong Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga sa 408-792-5666 o sa toll-free na numero sa Gateway 1-800-488-9919 upang makakuha ng tulong kaugnay ng isang hinaing. Magbibigay ang county ng mga self-addressed na sobre sa lahat ng lugar ng mga provider para gamitin ninyo sa pagpapadala ng inyong hinaing. Maaaring ihain ang mga hinaing nang pasalita o sa pamamagitan ng sulat. Hindi kailangang subaybayan ang mga pasalitang hinaing sa pamamagitan ng sulat.

Paano Ko Malalaman Kung Natanggap ng MCP ang Aking Hinaing?
Kung inihain ninyo ang inyong hinaing nang pasulat, sasabihin sa inyo ng aming MCP na natanggap nila ang inyong hinaing sa pamamagitan ng pagpapadala sa inyo ng nakasulat na kumpirmasyon.

Kailan Dedesisyunan ang Aking Hinaing?
Kailangang gumawa ang MCP ng desisyon tungkol sa inyong hinaing sa loob ng 90 araw sa kalendaryo magmula sa petsa na inihain ninyo ang inyong hinaing. Maaaring palawigin ang mga takdang panahon nang hanggang sa 14 na araw sa kalendaryo kung hihingi kayo ng pagpapalawig, o kung naniniwala ang MCP na kailangan ng karagdagang impormasyon at makabubuti sa inyo ang pagkaantala. Ang isang halimbawa kung kailan

makabubuti sa inyo ang pagkaantala ay kapag naniniwala ang county na malulutas nito ang inyong hinaing kung may karagdagang kaunting panahon ang MCP na kumuha ng impormasyon mula sa inyo o sa iba pang mga taong sangkot.

Paano Ko Malalaman Kung Nakagawa na ang MCP ng Desisyon Tungkol sa Aking Hinaing?

Kapag may nagawa nang desisyon hinggil sa inyong hinaing, magbibigay ng paunawa ang MCP sa inyo o sa inyong kinatawan sa pamamagitan ng sulat tungkol sa desisyon. Kung hindi magbibigay ng paunawa ang inyong MCP sa inyo o sa sinumang apektadong mga partido tungkol sa desisyon sa hinaing sa takdang panahon, bibigyan kayo ng MCP ng Paunawa tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo na nagsasabi sa inyo na may karapatan kayong humingi ng State Fair Hearing. Bibigyan kayo ng inyong MCP ng Paunawa tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo sa petsa na matatapos ang takdang panahon.

Mayroon Bang Palugit ang Paghahain ng Hinaing?

Maaari kayong maghain ng hinaing sa anumang oras.

ANG PROSESO NG APELA (Karaniwan at Pinabilis)

Tungkulin ng inyong MCP na pahintulutan kayong humingi ng pagrerepaso sa desisyon na ginawa ng plano o ng inyong mga provider tungkol sa inyong mga serbisyo sa paggamot sa SUD. May dalawang paraan para humingi kayo ng pagrerepaso. Ang isang paraan ay ang paggamit sa proseso ng mga karaniwang apela. Ang pangalawang paraan ay ang paggamit sa proseso ng mga pinabilis na apela. Magkahalintulad ang dalawang uri ng apela na ito; gayunpaman, may mga partikular na hinihingi upang maging kwalipikado para sa pinabilis na apela. Ipinaliliwanag sa ibaba ang mga partikular na hinihingi.

Ang proseso ng hinaing ay:

- Magkakaroon ng simple at madaling maintindihang mga pamamaraan na nagpapahintulot sa inyong ilahad ang inyong hinaing nang pasalita o sa pamamagitan ng sulat.
- Hindi magkakaroon ng masamang epekto laban sa inyo o sa inyong provider sa anumang paraan.

Ano Ang Karaniwang Apela?

Ang karaniwang apela ay kahilingan para repasuhin ang isang problema ninyo sa plano o sa inyong provider na kinasasangkutan ng hindi pag-apruba o pagbabago sa mga serbisyo na iniisip ninyong kailangan ninyo. Kung hihingi kayo ng karaniwang apela, maaaring magtagal nang 30 araw sa kalendaryo para repasuhin ito ng MCP. Kung iniisip ninyong mapanganib sa inyong kalusugan ang paghihintay nang 30 araw sa kalendaryo, dapat kayong humingi ng ‘pinabilis na apela.’ Ang proseso ng karaniwang apela ay:

- Pahihintulutan kayong maghain ng apela nang personal, sa telepono, sa pamamagitan ng sulat. Kung isusumite ninyo ang inyong apela nang personal o sa telepono, kailangan ninyong sundan ito ng nalagdaang nakasulat na apela. Makakakuha kayo ng tulong para isulat ang apela. Kung hindi ninyo susundan ito ng nalagdaang nakasulat na apela, hindi malulutas ang inyong apela. Gayunpaman, ang petsa na isinumite ninyo ang pasalitang apela ang petsa ng paghahain.
- Titiyakin na ang paghahain ng apela ay hindi magkakaroon ng masamang epekto laban sa inyo o sa inyong provider sa anumang paraan.
- Pahihintulutan kayong magbigay ng awtorisasyon sa isang tao na kikilos para sa inyo, kabilang ang isang provider.

Kung magbibigay kayo ng awtorisasyon sa isang tao na kikilos para sa inyo, maaaring hilingin ng plano na lumagda kayo ng isang form na nagbibigay-awtorisasyon sa plano na magbigay ng impormasyon sa naturang tao.

- Hingin ang pagpapatuloy ng inyong mga benepisyo kapag humiling ng apela sa loob ng iniaatas na takdang panahon, na 10 araw sa kalendaryo magmula sa petsa na natatakan sa koreo o personal na ibinigay sa inyo ang Paunawa tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo. Hindi ninyo kailangang bayaran ang pagpapatuloy ng mga serbisyo habang nakabinbin ang apela. Kung hihingi kayo ng pagpapatuloy ng benepisyo, at kukumpirmahin ng pinal na desisyon sa apela ang desisyon na bawasan o ihinto ang serbisyong tinatanggap ninyo, maaaring kailangan ninyong bayaran ang halaga ng mga ipinagkaloob na serbisyo habang nakabinbin ang apela;
- Titiyakin na ang mga indibidwal na gumagawa ng mga desisyon ay kwalipikadong gawin ito at hindi sangkot sa anumang naunang antas ng pagrerepaso o pagdedesisyon.
- Pahihintulutan kayo o ang inyong kinatawan na suriin ang file ng inyong kaso, kabilang ang inyong medikal na talaan, at mga iba pang dokumento o talaan na isinaalang-alang sa proseso ng apela, bago at habang nasa proseso ang apela.
- Pahihintulutan kayong magkaroon ng makatwirang pagkakataon na magpakita ng ebidensya at mga alegasyon ng katunayan o batas, nang personal o sa pamamagitan ng sulat.
- Pahihintulutan kayo, ang inyong kinatawan, o ang legal na kinatawan ng estate ng namatay na miyembro na maisama bilang mga partido sa apela.

- Ipapaalam sa inyo na nirerepaso ang inyong apela sa pamamagitan ng pagpapadala sa inyo ng nakasulat na kumpirmasyon.
- Sasabihin sa inyo ang inyong karapatan na humingi ng State Fair Hearing, kasunod ng pagkumpleto sa proseso ng apela.

Kailan Ako Maaaring Maghain ng Apela?

Maaari kayong maghain ng apela sa inyong Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga sa county:

- Kung magdesisyon ang inyong county o isa sa mga provider na nakakontrata sa county na hindi kayo kwalipikadong tumanggap ng anumang mga serbisyo sa paggamot sa Drug Medi-Cal dahil hindi ninyo natutugunan ang mga pamantayan ng pangangailangan dala ng medikal na dahilan.
- Kung iniisip ng inyong provider na kailangan ninyo ng mga serbisyo sa paggamot para sa paggamit ng substansya at hihingi sa county ng pag-apruba, ngunit hindi sumasang-ayon ang county at hindi aaprubahan ang kahilingan ng inyong provider, o babaguhin ang uri o dalas ng serbisyo.
- Kung humingi ang inyong provider sa MCP ng pag-apruba, ngunit kailangan ng county ng karagdagang panahon upang gumawa ng desisyon at hindi makumpleto ang proseso ng pag-apruba sa takdang panahon.
- Kung hindi ipagkakaloob sa inyo ng MCP ang mga serbisyo batay sa mga panahong itinakda nila.
- Kung iniisip ninyong hindi ipinagkakaloob ng MCP ang mga serbisyo nang maaga para matugunan ang mga pangangailangan ninyo.

- Kung hindi nalutas sa takdang panahon ang inyong hinaing, apela o pinabilis na apela.
- Kung hindi kayo nagkakasundo ng inyong provider sa mga serbisyo sa SUD na kailangan ninyo.

Paano Ako Maghahain ng Apela?
Maaari ninyong tawagan ang Plano ng Pinangangasiwaang Pangangalaga sa 408-792-5666 o toll free: Gateway 1-800-488-9919 upang makakuha ng tulong sa paghahain ng apela.

Magbibigay ang plano ng mga self-addressed na sobre sa lahat ng lugar ng provider para gamitin ninyo sa pagpapadala ng inyong apela.

Paano Ko Malalaman Kung Nadesisyunan Na ang Aking Apela?

Magbibigay ng paunawa ang inyong county MCP sa inyo o sa inyong kinatawan sa pamamagitan ng sulat tungkol sa kanilang desisyon sa inyong apela. Makikita sa paunawa ang sumusunod na impormasyon:

- Ang mga resulta ng proseso ng paglutas sa apela.
- Ang petsa kung kailan ginawa ang desisyon sa apela.
- Kung hindi nalutas nang buo nang pabor sa inyo ang apela, makikita rin sa paunawa ang impormasyon hinggil sa inyong karapatan sa isang State Fair Hearing at ang pamamaraan para sa paghahain ng State Fair Hearing.

Mayroon Bang Palugit ang Paghahain ng Apela?

Kailangan ninyong maghain ng apela sa loob ng 60 araw sa kalendaryo magmula sa petsa ng Paunawa tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo. Tandaan na hindi kayo palaging makakatanggap ng Paunawa tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo. Walang mga palugit para sa paghahain ng apela kapag hindi kayo makakatanggap ng Paunawa tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo; kaya maaari ninyong ihain ang ganitong uri ng apela sa anumang oras.

Kailan Gagawin ang Desisyon Tungkol sa Aking Apela?

Kailangang desisyunan ng MCP ang inyong apela sa loob ng 30 araw sa kalendaryo magmula sa petsa na natanggap ng MCP ang inyong kahilingan para sa apela. Maaaring palawigin ang mga takdang panahon nang hanggang sa 14 na araw sa kalendaryo kung hihingi kayo ng pagpapalawig, o kung naniniwala ang MCP na kailangan ng karagdagang impormasyon at makabubuti

sa inyo ang pagkaantala. Ang isang halimbawa kung kailan makabubuti sa inyo ang pagkaantala ay kapag naniniwala ang county na maaari nitong aprubahan ang inyong apela kung may karagdagang kaunting panahon ang MCP na kumuha ng impormasyon mula sa inyo o sa inyong provider.

Paano Kung Hindi Ako Makapaghintay nang 30 Araw Para sa Desisyon sa Aking Apela?
Maaaring mas mabilis ang proseso ng apela kung kwalipikado ito para sa proseso ng mga pinabilis na apela.

Ano Ang Pinabilis Na Apela?

Ang pinabilis na apela ay mas mabilis na paraan para desisyunan ang isang apela. Sinusunod ng proseso ng mga pinabilis na apela ang proseso na kahalintulad ng proseso ng mga karaniwang apela. Gayunpaman,

- Kailangang matugunan ng inyong apela ang mga partikular na hinihingi.
- Sinusunod din ng proseso ng mga pinabilis na apela ang mga palugit na iba sa mga karaniwang apela.
- Maaari kayong gumawa ng pasalitang kahilingan para sa pinabilis na apela. Hindi ninyo kailangang isulat ang inyong kahilingan para sa pinabilis na apela.

Kailan Ako Maaaring Maghain ng Pinabilis na Apela?

Kung iniisip ninyo na ang paghihintay nang hanggang sa 30 araw sa kalendaryo para sa desisyon sa isang karaniwang apela ay magdudulot ng peligro sa inyong buhay, kalusugan o kakayahang makamit, mapanatili o mabawi ang sukdulang kakayahan, maaari kayong humiling ng pinabilis na kalutasan ng isang apela. Kung sumasang-ayon ang MCP na natutugunan ng

inyong apela ang mga hinihingi para sa pinabilis na apela, lulutasin ng inyong county ang inyong pinabilis na apela sa loob ng 72 oras pagkatapos matanggap ng MCP ang apela. Ang mga takdang panahong ito ay maaari lang palawigin nang hanggang 14 na araw sa kalendaryo kung hihingi kayo ng pagpapalawig, o kung ipapakita ng MCP na kailangan ng karagdagang impormasyon at na makabubuti sa inyo ang pagkaantala. Kung palalawigin ng inyong MCP ang mga takdang panahon, bibigyan kayo ng plano ng nakasulat na paliwanag kung bakit pinalawig ang mga takdang panahon.

Kung magdesisyon ang MCP na hindi kwalipikado ang inyong apela para sa pinabilis na apela, kailangang gumawa ang MCP ng mga makatwirang pagsisikap upang bigyan kayo ng maagap na pasalitang paunawa at abisuhan kayo sa pamamagitan ng sulat sa loob ng 2 araw sa kalendaryo na nagbibigay sa inyo ng dahilan para sa desisyon. Pagkatapos nito susundan ng inyong apela ang mga takdang panahon ng karaniwang apela na binalangkas sa naunang bahagi ng seksyong ito. Kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng county na hindi natutugunan ng inyong apela ang mga pamantayan ng pinabilis na apela, maaari kayong maghain ng hinaing.

Sa sandaling malutas ng inyong MCP ang inyong pinabilis na apela, magbibigay ang plano ng paunawa sa inyo at sa lahat ng apektadong partido nang pasalita at sa pamamagitan ng sulat.

ANG PROSESO NG STATE FAIR HEARING

Ano Ang State Fair Hearing?

Ang State Fair Hearing ay isang independenteng pagrerepaso na isinasagawa ng Departamento ng mga Serbisyong Panlipunan sa California upang matiyak na natatanggap ninyo ang mga

serbisyo sa paggamot sa SUD na nararapat sa inyo sa ilalim ng programang Medi-Cal.

Ano ang Aking mga Karapatan sa State Fair Hearing?
May karapatan kayo na:

- Magkaroon ng hearing sa harapan ng Departamento ng mga Serbisyong Panlipunan sa California (tinatawag ding State Fair Hearing).
- Mapasabihin tungkol sa kung paano hihingi ng State Fair Hearing.
- Mapasabihan tungkol sa mga patakaran na umiiral sa representasyon sa State Fair Hearing.
- Maipagpatuloy ang inyong mga benepisyo kapag hiniling ninyo habang nasa proseso ang State Fair Hearing kung hihingi kayo ng State Fair Hearing sa loob ng mga iniaatas na takdang panahon.

Kailan Ako Maaaring Maghain ng State Fair Hearing?
Maaari kayong maghain ng State Fair Hearing:

- Kung nakumleto na ninyo ang proseso ng apela sa MCP.
- Kung magdesisyon ang inyong county o ang isa sa mga nakakontratang provider sa county na hindi kayo kwalipikadong tumanggap ng anumang mga serbisyo sa paggamot para sa SUD sa Medi-Cal dahil hindi ninyo natutugunan ang mga pamantayan ng pangangailangan dala ng medikal na dahilan.
- Kung iniisip ng inyong provider na kailangan ninyo ng serbisyo sa paggamot para sa paggamit ng substansya at hihingi ng pag-apruba ng MCP, ngunit hindi sumasang-ayon

ang MCP at hindi aaprubahan ang kahilingan ng inyong provider, o babaguhin ang uri o dalas ng serbisyo.

- Kung humingi ang inyong provider sa MCP ng pag-apruba, ngunit kailangan ng county ng karagdagang panahon upang gumawa ng desisyon at hindi makumpleto ang proseso ng pag-apruba sa takdang panahon.
- Kung hindi ipagkakaloob sa inyo ng MCP ang mga serbisyo batay sa mga panahong itinakda ng county.
- Kung iniisip ninyong hindi ipinagkakaloob ng MCP ang mga serbisyo nang maaga para matugunan ang mga pangangailangan ninyo.
- Kung hindi nalutas sa takdang panahon ang inyong hinaing, apela o pinabilis na apela.
- Kung hindi kayo nagkakasundo ng inyong provider sa mga serbisyo sa paggamot para sa SUD na kailangan ninyo.

Paano Ako Hihingi ng State Fair Hearing?

Maaari kayong humingi ng State Fair Hearing mula mismo sa Departamento ng mga Serbisyong Panlipunan sa California. Maaari kayong humingi ng State Fair Hearing sa pamamagitan ng pagsulat sa:

State Hearings Division
California Department of Social Services
744 P Street, Mail Station 9-17-37
Sacramento, California 95814

Maaari rin kayong tumawag sa 1-800-952-8349 o para sa TDD 1-800-952-8349.

Mayroon Bang Palugit Para sa Paghahain ng State Fair Hearing?

Mayroon lamang kayong 120 araw sa kalendaryo para humingi ng State Fair Hearing. Magsisimula ang 120 araw sa alinman sa araw pagkatapos na personal na ibinigay ng MCP sa inyo ang paunawa nito tungkol sa desisyon sa apela, o sa araw pagkatapos ng petsa ng tatak sa koreo ng paunawa tungkol sa desisyon ng county sa apela.

Kung hindi kayo makatanggap ng Paunawa Tungkol sa Hindi Pabor na Pagpapasya sa Benepisyo, maaari kayong maghain ng State Fair Hearing sa anumang oras.

Maaari Ko Bang Ipagpatuloy ang mga Serbisyo Habang Naghihintay Ako ng Desisyon sa State Fair Hearing?

Oo, kung kasalukuyan kayong tumatanggap ng paggamot at gusto ninyong ipagpatuloy ang paggamot habang umaapela kayo, kailangan ninyong humingi ng State Fair Hearing sa loob ng 10 araw magmula sa petsa na natatakan sa koreo o naihatid sa inyo ang paunawa tungkol sa desisyon sa apela O bago ang petsa na sinasabi ng inyong MCP na mahihinto o mababawasan ang mga serbisyo. Kapag hihingi kayo ng State Fair Hearing, kailangan ninyong sabihin na gusto ninyong ipagpatuloy ang inyong paggamot. Dagdag pa, hindi ninyo kailangang bayaran ang mga serbisyong natanggap habang nakabinbin ang State Fair Hearing.

Kung hihingi naman kayo ng pagpapatuloy ng benepisyo, at kukumpirmahin ng State Fair Hearing ang desisyon na bawasan o itigil ang serbisyong tinatanggap ninyo, maaaring oobligahin

kayong bayaran ang halaga ng mga serbisyong ipinagkaloob habang nakabinbin ang state fair hearing.

Paano Kung Hindi Ako Makapaghintay ng 90 Araw Para sa Desisyon sa Aking State Fair Hearing?

Maaari kayong humingi ng pinabilis (mas mabilis) na State Fair Hearing kung iniisip ninyong ang normal na panahon na 90-araw sa kalendaryo ay magdudulot ng seryosong mga problema sa inyong kalusugan, kabilang ang mga problema sa inyong kakayahang makamit, mapanatili, o mabawi ang mahahalagang kakayahan para sa pamumuhay. Rerepasuhin ng Sangay ng mga State Hearing sa Departamento ng mga Serbisyong Panlipunan ang inyong kahilingan para sa pinabilis na State Fair Hearing at magdedesisyon kung kwalipikado ito. Kung aprubahan ang inyong kahilingan para sa pinabilis na hearing, idaraos ang hearing at ilalabas ang desisyon sa hearing sa loob ng 3 araw ng trabaho matapos ang petsa na natanggap ng Sangay ng State Hearing ang inyong kahilingan.

MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA PROGRAMANG DRUG Medi-Cal NG ESTADO NG CALIFORNIA

Sino ang Makakakuha ng Medi-Cal?

Maaaring kwalipikado kayo para sa Medi-Cal kung kabilang kayo sa isa sa mga grupong ito:

- 65 taong gulang, o mas matanda
- Wala pang 21 taon
- Nasa hustong gulang, sa pagitan ng 21 at 65 na taon batay sa pagiging karapat-dapat ng kinikita
- Bulag o may kapansanan

- Buntis
- Mga partikular na refugee, o mga imigrante mula sa Cuba/Haiti
- Tumatanggap ng pangangalaga sa isang nursing home

Kailangang nakatira kayo sa California upang maging kwalipikado para sa Medi-Cal. Tawagan o bisitahin ang opisina ng mga serbisyong panlipunan sa inyong county upang humingi ng aplikasyon para sa Medi-Cal, o kunin ito sa Internet sa http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/ApplyforMedi-Cal.aspx .

Kailangan Ko Bang Magbayad Para sa Medi-Cal?
Maaaring kailangan ninyong magbayad para sa Medi-Cal depende sa halaga ng perang natatanggap o kinikita ninyo sa bawat buwan.

- Kung ang inyong kinikita ay mas mababa sa mga limit ng Medi-Cal para sa sukat ng inyong pamilya, hindi ninyo kailangang bayaran ang mga serbisyo ng Medi-Cal.
- Kung ang inyong kinikita ay mas malaki kaysa sa mga limit ng Medi-Cal para sa sukat ng inyong pamiklya, kakailanganin ninyong bayaran ang ilan sa inyong mga medikal na serbisyo o mga serbisyo sa paggamot para sa SUD. Ang halagang babayaran ninyo ang tinatawag na inyong ‘share of cost.’ Sa sandaling mabayaran ninyo ang inyong ‘share of cost,’ babayaran ng Medi-Cal ang nalalabi sa inyong mga saklaw na medical bill para sa buwang iyon. Sa mga buwan na wala kayong mga gastusing medikal, wala kayong dapat bayaran.
- Maaaring kailangan ninyong magbayad ng ‘co-payment’ para sa anumang paggamot sa ilalim ng Medi-Cal.

Nangangahulugan ito na magbabayad kayo mula sa inyong sariling bulsa sa tuwing kukuha kayo ng medikal na serbisyo o serbisyo sa paggamot para sa SUD o iniresetang gamot (gamot) at co-payment kung pupunta kayo sa emergency room ng isang ospital para sa inyong mga regular na serbisyo.

Sasabihin sa inyo ng inyong provider kung kailangan ninyong magbayad ng co-payment.

Saklaw Ba ng Medi-Cal ang Transportasyon?

Kung nahihirapan kayong pumunta sa inyong mga medikal na appointment o mga appointmet para sa paggamot para sa droga o alak, matutulungan kayo ng programang Medi-Cal para maghanap ng masasakyan.

- Para sa mga bata, makakatulong ang programa ng county na Kalusugan ng Bata at Paghadlang sa Kapansanan o Child Health and Disability Prevention (CHDP). Maaaring gusto rin ninyong makipag-ugnayan sa opisina ng mga serbisyong panlipunan sa county sa 408-937-2250 o 1-800-689-6669. Makakakuha rin kayo ng impormasyon online sa www.dhcs.ca.gov, pagkatapos ay mag-click sa 'Services' at pagkatapos sa 'Medi-Cal.'
- Para sa mga nasa hustong gulang, may inaprubahan ang Medi-Cal na mga provider ng Hindi Medikal na Transportasyon (NMT). Makipag-ugnayan sa inyong MCP sa 408-792-5666 upang magtanong tungkol sa mga serbisyo sa transportasyon. Maaari rin kayong makipag-ugnayan sa opisina ng mga serbisyong panlipunan sa inyong county para sa impormasyon: 408-758-3800 o 1-877-962-3633.

MGA KARAPATAN AT RESPONSIBILIDAD NG MIYEMBRO

Ano Ang Aking Mga Karapatan Bilang Tumatanggap Ng Mga Serbisyo ng Drug Medi-Cal?

Bilang isang taong karapat-dapat para sa Medi-Cal at nakatira sa Santa Clara County, may karapatan kayong makatanggap mula sa MCP ng mga serbisyo sa paggamot para sa paggamit ng substansya na kailangan dala ng medikal na dahilan. May karapatan kayo na:

- Matrato nang may respeto, na may pagsasaalang-alang sa inyong karapatan sa pagkapribado at sa pangangailangang panatilihin ang kumpidensiyalidad ng inyong medikal na impormasyon.
- Makatanggap ng impormasyon tungkol sa mga available na opsyon at alternatibo sa paggamot, na ipinapakita sa paraang naaangkop sa kondisyon ng Miyembro at sa kanyang kakayahang makaintindi.
- Makibahagi sa mga desisyon hinggil sa inyong pangangalagang paggamot para sa paggamit ng substansya, kabilang ang karapatang tanggihan ang paggamot.
- Makatanggap ng napapanahong access sa pangangalaga, kabilang ang mga serbisyong maaaring makuha 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo, kapag kailangan dala ng medikal na dahilan upang gamutin ang isang emergency na kondisyon o isang kagyat o krisis na kondisyon.
- Makatanggap ng impormasyon sa handbook na ito tungkol sa mga serbisyo sa paggamot para sa paggamit ng substansya na saklaw ng Santa Clara County DMC plan, iba pang mga obligasyon ng MCP at sa inyong mga karapatang inilalarawan dito.

- Maprotektahan ang inyong kumpidensiyal na impormasyon sa kalusugan.
- Humingi at makatanggap ng kopya ng inyong mga medikal na talaan, at hingin na ma-amiyendahan o maiwasto ang mga ito ayon sa nakasaad sa 45 CFR §164.524 at 164.526.
- Makatanggap ng mga nakasulat na babasahin sa mga alternatibong format (kabilang ang Braille, malalaking letra, at audio format) kapag hiningi at sa napapanahong paraan para sa hinihinging format.
- Makatanggap ng mga serbisyo na pasalitang pagsasalin para sa inyong gustong wika.
- Makatanggap ng mga serbisyo sa paggamot para sa SUD mula sa MCP na sumusunod sa mga hinihingi ng kontrata nito sa Estado sa mga larangan ng availability ng mga serbisyo, kasiguruhan ng sapat na kapasidad at mga serbisyo, koordinasyon at pagpapatuloy ng pangangalaga, at coverage at awtorisasyon ng mga serbisyo.
- Access sa mga Serbisyo na Maaaring Pahintulutan ng Bata, kung ikaw ay isang menor de edad.
- Access sa mga serbisyong kailangan dala ng medikal na dahilan sa labas-ng-network sa napapanahong paraan, kung ang plano ay walang empleyado o nakakontratang provider na makapagbibigay ng mga serbisyo. Ang "provider sa labas-ng-network" ay tumutukoy sa isang provider na wala sa listahan ng MCP ng mga provider. Kailangang tiyakin ng county na hindi kayo magbabayad ng anumang ekstra para sa pagpapatingin sa isang provider sa labas-ng-network. Maaari kayong makipag-ugnayan sa mga serbisyo para sa miyembro sa 408-792-5666 para sa impormasyon kung paano makatanggap ng mga serbisyo mula sa isang provider na nasa labas-ng-network.
- Humingi ng pangalawang opinyon mula sa isang kwalipikadong propesyonal sa pangangalagang

pangkalusugan sa loob ng network ng county, o sa isang nasa labas ng network, nang walang karagdagang gastos sa inyo.

- Maghain ng mga hinaing, nang pasalita o sa pamamagitan ng sulat, tungkol sa organisasyon o sa natanggap na pangangalaga.
- Humingi ng apela, nang pasalita o sa pamamagitan ng sulat, pagkatanggap sa paunawa tungkol sa hindi pabor na pagpapasya sa benepisyo.
- Humingi ng State Medi-Cal fair hearing, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga pangyayari kung kailan posible ang pinabilis na fair hearing.
- Maging malaya mula sa pagpigil o pagbubukod na ginagamit bilang pamimilit, pandisiplina, kaginhawaan, o pagganti.
- Maging malaya sa paggamit sa mga karapatang ito nang walang masamang epekto sa pagtrato sa inyo ng MCP, ng mga provider, o ng Estado.

Ano ang Aking Mga Responsibilidad Bilang Tumatanggap ng Mga Serbisyo ng Drug Medi-Cal?

Bilang tumatanggap ng mga serbisyo ng Drug Medi-Cal , responsibilidad ninyo na:

- Basahing mabuti ang mga babasahing nagbibigay-impormasyon sa miyembro na natanggap ninyo mula sa MCP. Makakatulong ang mga babasahing ito para maintindihan ninyo kung aling mga serbisyo ang available at kung paano kukuha ng paggamot kung kailangan ninyo ito.
- Puntahan ang inyong paggamot ayon sa nakatakda. Makakamit ninyo ang pinakamabuting resulta kung susundin ninyo ang inyong plano ng paggamot. Kung may malibanan kayong appointment, tawagan ang inyong provider nang

hindi bababa sa 24 na oras bago ang nakatakdang appointment at muling itakda ito sa ibang araw at oras.

- Palaging dalhin ang inyong Medi-Cal ID card at ID na may litrato kapag pupunta kayo para sa paggamot.
- Ipagbigay-alam sa inyong provider kung kailangan ninyo ng tagapagsalin bago ang inyong appointment.
- Sabihin sa inyong provider ang lahat ng medikal na ikinababahala ninyo upang maging tumpak ang inyong plano. Kung mas kumpleto ang impormasyong ibabahagi ninyo tungkol sa inyong mga pangangailangan, magiging mas matagumpay ang inyong paggamot.
- Siguraduhing itanong sa inyong provider ang anumang mga tanong ninyo. Napakahalagang maintindihan ninyong mabuti ang inyong plano ng paggamot at anumang impormasyong natatanggap ninyo habang ginagamot kayo.
- Sundin ang plano ng paggamot na pinagkasunduan ninyo ng inyong provider.
- Maging handa sa pagbuo ng matibay na ugnayang pakikipagtulungan sa provider na gumagamot sa inyo.
- Makipag-ugnayan sa MCP kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa inyong mga serbisyo o kung mayroon kayong mga problema sa inyong provider na hindi ninyo malutas.
- Sabihin sa inyong provider at sa MCP kung mayroon anumang mga pagbabago sa inyong personal na impormasyon. Kabilang dito ang address, numero ng telepono, at iba pang medikal na impormasyon na makakaapekto sa inyong kakayahang makibahagi sa paggamot.

- Tratuhin nang may respeto at paggalang ang mga tauhan na nagkakaloob ng inyong paggamot.
- Kung may hinihinala kayong pandaraya o maling gawain, ireport ito.
    - 1-800-822-6222 o
    - Email *fraud@dhcs.ca.gov*
    - Maaari kayong gumamit ng on-line form: *https://apps.dhcs.ca.gov/stopfraud/Default.aspx*

APPENDIX A: Direktoryo ng Provider

Listahan ng Provider para sa Nasa Hustong Gulang

Provider para sa Nasa Hustong Gulang	Address	Telepono	Uri ng mga Serbisyo	Mga Ginagamit na Wika na Hindi Ingles
Alexian Health Center	2101 Alexian Dr. Suites A & B San Jose, CA 95116	408-272-6577	OTP/NTP (Programa sa Paggamot ng Opioid at mga Narkotiko)	In-house access sa wikang Espanyol; (**Nursing Lamang**: Cantonese, Mandarin)
CADS (Countywide Alcohol and Drug Services)	264 N. Morrison Av. San Jose, CA95126	408-885-1003	Residensiyal Lalaki at Co-Ed **HINDI MEDI-CAL**	Ingles lamang
Caminar/Family & Children Services	950 W. Julian St. San Jose, CA 95126	408-292-9353	Outpatient	Espanyol
Caminar/Family & Children Services	2218 N. 1st St. San Jose, CA 95131	408-538-0880	Outpatient, Masidhing Pang-outpatient, Bahagyang Pagkakaospital	Mandarin, Russian, Espanyol
Caminar/Family & Children Services	375 Cambridge Ave. Palo Alto, CA 94306	650-326-6576	Outpatient	Ingles lamang

Gardner-Proyecto Primavera	614 Tully Rd. San Jose, CA 95111	408-977-1591	Outpatient	Espanyol
Central Valley Clinic	2425 Enborg Ln. San Jose, CA 95128	408-885-5400	OTP/NTP (Programa sa Paggamot ng Opioid at mga Narkotiko)	Espanyol, Tagalog, Polish (MD lamang: Vietnamese, Arabic)
Provider para sa Nasa Hustong Gulang	**Address**	**Telepono**	**Uri ng mga Serbisyo**	**Mga Ginagamit na Wika na Hindi Ingles**
Central Treatment & Recovery	976 Lenzen Ave. San Jose, CA 95126	408-792-5656	Outpatient	Espanyol
HealthRight 360 / AARS	1340 Tully Rd. # 304 San Jose, CA 95122	408-271-3900	Outpatient	Espanyol, Tagalog, Vietnamese ; (In-house access sa mga dayalektong Chinese, Japanese)
Horizon South	650 S. Bascom Ave. #C San Jose, CA 95128	408-283-8555	Residensiyal at Pangangasiwa ng Withdrawal; Mga lalaki lamang	Ingles lamang
Indian Health Center	602 E. Santa Clara St. San Jose 95112	408-445-3400	Outpatient **HINDI MEDI-CAL**	Ingles lamang

Parisi House on the Hill	San Jose, CA 95138	408-281-6570	Perinatal Residential; Mga babaeng may anak na hanggang sa edad na 5 taon	Espanyol
Pathway Outpatient	16433 Monterey Rd. #140 Morgan Hill, CA 95037	408-782-6300	Outpatient	Espanyol
Pathway House	San Jose, CA 95112	408-998-5191	Residensiyal Co-Ed	Espanyol, Tagalog, Vietnamese
Pathway Mariposa Lodge	San Jose, CA 95138	408-281-6555	Residensiyal at Pangangasiwa ng Withdrawal; Mga babae lamang	Ingles lamang
Perinatal Substance Abuse Program (PSAP)	2425 Enborg Ln. San Jose, CA 95128	408-885-5400	Mga Babaeng Outpatient na may maliliit na anak	Espanyol, Tagalog
South County Clinic	90 W Highland Ave. San Martin, CA 95046	408-852-2420	OTP/NTP (Programa sa Paggamot ng Opioid at mga Narkotiko)	Espanyol; (**MD lamang:** Arabic at Vietnamese)

Listahan ng Provider para sa Nagbibinata at Nagdadalaga

Provider para sa	Address	Telepono	Uri ng mga Serbisyo	Mga Ginagamit

Nagbibinata at Nagdadalaga				na Wika na Hindi Ingles
Advent Group Ministries	90 Great Oaks Blvd. #108 San Jose, CA 95119	408-281-0708	Residensiyal Mga Site na Lahat Lalaki at Lahat Babae	Ingles lamang
Advent Group Ministries	90 Great Oaks Blvd. #108 San Jose, CA 95119	408-281-0708	Outpatient, Masidhing Pang-outpatient	Cantonese, Espanyol
Asian Americans for Community Involvement	2400 Moorpark Ave Suite 300 San Jose, CA 95128	408-975-2730	Outpatient **HINDI MEDI-CAL**	Japanese, Espanyol
Mga Serbisyo para sa Mga Bata, Pamilya at Komunidad (CFCS)	2101 Alexian Dr. San Jose, CA 95116	408-272-6518	Mga lugar para sa outpatient at lugar ng paaralan	Espanyol, Vietnamese
HealthRight 360 / AARS	1340 Tully Rd. # 304 San Jose, CA 95122	408-271-3900	Mga lugar para sa outpatient at lugar ng paaralan	Espanyol; (*in-house access sa Vietnamese, mga dayalektong Chinese, Japanese)
Pathway James Ranch	19050 Malaguerra Ave Morgan Hill, CA 95037	408-201-7600	Juvenile Detention Ranch	Espanyol, Vietnamese

APPENDIX B: Glosaryo ng mga Acronym

BHSD:	Departamento ng mga Serbisyo sa
CHDP:	Kalusugan ng Bata at Paghadlang sa Kapansanan
DHCS:	Departamento ng mga Serbisyo sa
DMC:	Drug Medi-Cal
DSM:	Diagnostic at Statistical Manual ng mga
EPSDT:	Maagang Pana-panahong Screening,
MAT	Paggamot na Tinutulungan ng Medikasyon
MCP:	Plano ng Pinangangasiwaang
NMT:	Hindi Medikal na Transportasyon
NOABD:	Paunawa Tungkol sa Hindi Pabor na
OTP-	Programa sa Opioid at mga Narkotiko
SUD:	Karamdamang Paggamit ng Substansya
	Mga Serbisyo sa Paggamot para sa
SUTS:	Paggamit ng Substansya
TCM:	Nakatuon na Pangangasiwa ng Kaso